Gabay sa Pagtuturo ng

**BATAYANG KURSO NG PARTIDO**

# KASAYSAYAN NG PILIPINAS (KnP)



## LAYUNIN

1. Maunawaan ang mga ugat sa kasaysayan ng mga saligang suliranin ng malakolonyal at malapyudal na Pilipinas.

2. Komprehensibo at malalim na masapol ang pangangailangan ng demokratikong rebolusyong bayan at ang mga saligang katangian nito na palayain ang Pilipinas sa salot ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

3. Magamit na patnubay sa pagsisiyasat at pag-aaral sa kasaysayan at kalagayan ng mga lunsod, bayan at baryo.

# PAGBUBUKAS NG TALAKAYAN

1. *Ilinaw na ang pag-aaral sa kasaysayan ng Pilipinas ay kailangang patnubayan ng mga saligang prinsipyo ng istorikong materyalismo, Marxistang ekonomyang pampulitika at ng mga turo ni Lenin hinggil sa imperyalismo.*

2. *Linawin na sesentruhan ng pag-aaral ang kasaysayan ng bayan batay sa pag-unlad ng mga kontradiksyon sa loob ng lipunan – ang kontradiksyon sa pagitan ng mga pwersa sa produksyon at mga relasyon sa produksyon, kontradiksyon ng mga uri at kontradiksyon ng bago at luma.*

3. *Idiin na mauunawaan lamang ang kasalukuyang umiiral na malapyudal at malakolonyal na balangkas ng lipunang Pilipino kapag naunawaan ang ugat nito sa kasaysayan.*

4. *Ipakita ang kahalagahan nito bilang gabay sa pagsisiyasat sa lugar na kinikilusan at sa wasto at mapanlikhang pagpapatupad sa linya at mga patakaran ng Partido sa ating pagkilos. Ipakita kung bakit mahalaga ang pag-aaral sa kasaysayan para sa wasto at makabuluhang pag-aaral sa susunod na mga paksa.*

5. *Ilahad ang balangkas ng paksa:*
   - **A. Ang Pilipinas at ang Sambayanang Pilipino**
   - **B. Ang Mamamayan Pagdating ng Kolonyalismong Espanyol**
   - **K. Ang Kolonyalismong Espanyol at ang Pyudalismo**
   - **D. Ang Rebolusyong Pilipino ng 1896**
   - **E. Ang Kolonyal na Paghahari ng Imperyalismong US**
   - **G. Ang Pakikibaka ng Bayan Laban sa Mananalakay na Hapones**
   - **H. Ang Papet na Republika ng Pilipinas**
   - **I. Ang Pasistang Diktadurang US-Marcos**
   - **L. Paghaharing Papet at Pasista na may Kamuplahe**

# KATAWAN NG TALAKAYAN

## A. Ang Pilipinas at ang Sambayanang Pilipino

### 1. Ano ang mga pangunahing katangian ng bayang Pilipinas?

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN SA PAGTUTURO |
|---|---|
| **a.** Ang Pilipinas ay isang bulubunduking kapuluan na sagana sa likas na yaman.<br><br>**b.** Ang kumokontrol at nakikinabang sa likas na kasaganaang ito ay ang imperyalistang US at iilang lokal na malaking burges kumprador at malaking panginoong maylupa. Kaya't sa kabila ng kayamanan ng bayan, naghihikahos ang mamamayan. | *Gamitin ang mapa ng Pilipinas at mapa ng daigdig. Maglahad ng datos sa likas na yaman ng bayan. Hikayatin ang mag-aaral na maglahad ng likas na yaman sa kanilang lokalidad.*<br><br>*Maglahad ng datos ng kontrol ng imperyalista, burgesya kumprador at panginoong maylupa sa likas na kayamanan ng bayan at sa lokalidad ng mga mag-aaral.*<br><br>*Hilingin sa mga mag-aaral na ilahad at pabulaanan ang mga dahilan ng mga naghaharing uri kung bakit naghihikahos ang sambayanan.* |

### 2. Ano ang mga pangunahing katangian ng sambayanang Pilipino?

| | |
|---|---|
| **a.** Kabilang ang Pilipinas sa mga bayang malaki-laki ang populasyon:<br><br>**b**. Dakila at magiting ang sambayanang Pilipino:<br><br>- may mayaman at maningning na tradisyon sa pakikibaka laban sa dayuhang mananakop at mga katutubong mapagsamantala at mapang-api;<br>- ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayang Pilipino, laluna na ng mga uring manggagawa at magsasaka, ang patuloy na nagpapasulong sa lipunan.<br><br>**k.** Kapag napalaya ang sambayanang Pilipino sa pagsasamantala't pang-aapi ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo, magagawa nating mabuhay nang masagana, magpakahusay sa iba't-ibang larangan ng kakayahan at kaalaman, at mag-ambag sa pagsulong ng rebolusyon at kaunlaran sa buong daigdig. | *Ipakita ang kasalukuyang laki ng populasyon (76.2 milyon noong 2000) at taunang paglaki nito (2.3%.) Idiin ang kapangyarihan ng mamamayan sa pagbuhay ng bayan.*<br><br>*Magbigay ng mga halimbawa upang ipakita ang kadakilaan at kagitingan ng sambayanang Pilipino sa pakikibaka laban sa mga dayuhan at lokal na mapagsamantala't mapang-api.* |

*__Nota:__ Sa pagtalakay sa mga yugto ng kasaysayan, ilatag na agad ang timeline at biswal ng bawat panahong tinatalakay. Dito na painugin ang lektura. Maaari ring magdagdag ng mga halimbawa at datos mula sa lokalidad. Huwag nang isa-isahin pa ang katanungang nasa teksto. Kung may pasilidad, maaaring ipalabas ang* **"Sa Liyab ng Libong Sulo"** *sa pagsisimula ng B.*

## B. Ang Mamamayan Pagdating ng Kolonyalismong Espanyol

### 1. Anong sistemang panlipunan ang dinatnan ng mga kolonyalistang Espanyol sa iba't ibang bahagi ng kapuluan?

**a.** Sistemang malakomunal at malaalipin sa malaking bahagi ng kapuluan.

**b.** Sistemang pyudal sa Mindanao at Sulu

**k**. Sistemang primitibo komunal sa mga Ita, at iba pang katulad.

*Gamitin ang __Biswal KnP-1__. Ilahad ang mga pangunahing katangian ng bawat sistemang panlipunan, pwersa sa produksyon, relasyon sa produksyon at mga uri.*



KnP 1 - KASAYSAYAN NG PILIPINAS

### 2. Totoo bang hindi magiging sibilisado ang Pilipinas kung hindi nasakop ng mga dayuhan?

**a.** Hindi. Nang dumating ang mga kolonyalistang Espanyol, malinaw na may panloob na mga batayan para sa higit na pagsulong ng lipunang Pilipino:

- may mga sistema ng produksyon, sa barangay o sultanato man, na tiyak na uunlad pa hanggang sa maging lipas at mapalitan ng bago't mas maunlad pang sistema;

*Gamitin ang __Biswal KnP-1__. Ipakita kung paano at bakit ikinakalat ng mga naghaharing uri na hindi magiging sibilisado ang Pilipinas kung hindi dumating ang mga dayuhan.*

- may tiyak na mga uring nagtutunggalian at ang kanilang pagtutunggalian ay nagtutulak sa pagsulong ng lipunan;
- may sistema ng estado na ginagamit ng mga naghaharing uri para pairalin at panatilihin ang kanilang paghahari;
- may maunlad nang kultura

## K. Ang Koloyalismong Espanyol at ang Pyudalismo

***Nota:*** *Bago ang* **Tanong 1***, magbigay ng maikling paglilinaw kung bakit sinakop ng Espanya ang Pilipinas — ang mga kalagayan at pwersang nagtulak sa pangongolonya ng Espanya sa Pilipinas.*

### 1. Paano nasakop ng mga kolonyalistang Espanyol ang Pilipinas?

**a.** Ginamit ng kolonyalismong Espanyol ang taktikang "manghati at maghari" para sakupin ang Pilipinas at itayo ang kolonyal na paghahari ng Espanya na tumagal ng mahigit tatlong daang taon. Dahil walang pagkakaisang pampulitika ang mamamayang nahahati sa mga nagsasariling barangay, umubra ang taktikang ito.

**b.** Sa kabuuan, hindi nasakop ng kolonyalistang Espanyol ang mga sultanatong Islam sa Mindanao at Sulu. Mahusay na nakapagdepensa ang mga Moro dahil sa mataas na antas ng sistemang pang-ekonomya at pagkakaisang pampulitika na naabot na nila noon.

*Gamitin ang* ***Biswal KnP-1*** *at* ***KnP-2****. Ilarawan ang taktika ng mga Espanyol na "manghati at maghari." Ipakita na hanggang sa kasalukuyan ay ginagamit pa ito ng imperyalismong US at mga lokal na naghaharing uri. Ihalimbawa ang: rehiyunalismo, rasismo at sobinismong Kristiyano at Malayo.*




KnP - 2

## 2. Ano ang mga pangunahing katangian ng kolonyal at pyudal na sistemang pang-ekonomya na pinairal ng kolonyalismong Espanyol?

**a.** Itinayo at pinairal ng mga kolonyalistang Espanyol sa loob ng mahigit 300 taong paghahari ang isang kolonyal at pyudal na lipunan. Tuwirang naghari sa lipunan ang mga dayuhang mananakop na sila ring pinakamalalaking panginoong maylupa.

**b.** Upang paugatin ang pyudalismo sa malawak na bahagi ng Pilipinas, ipinatupad ang sistemang enkomyenda, kalakalang galyon at sistemang asyenda.

**k**. Pinagbubungkal ang masang magsasaka at pinalilikha ng labis na produkto na kinukuha sa anyo ng buwis, pinagtatrabaho sa paggawa ng mga gusali ng gubyerno, bahay ng mga kolonyalista, simbahan, kuta, daan, tulay at barkong galyon at pandigma at sapilitang konskripsyon para sa kolonyal na hukbo.

**d.** Sa paglawak ng pakikipagkalakalan sa mga bayang kapitalista, nahinog ang pyudalismo sa Pilipinas at lumitaw sa loob ng likas na ekonomya ang sistemang kalakal at ekonomyang nakabatay sa salapi.

*Gamitin ang* ***Biswal KnP-2.*** *Ilinaw ang istruktura ng mga uri. Gamitin ang datos sa teksto.*

*Ilinaw kung ano ang sistemang enkomyenda at kalakalang galyon.*

*Ilinaw kung ano ang sistemang asyenda. Ipakita ang mga panloob at panlabas na kalagayang nagtulak sa pagtatayo ng sistemang asyenda sa Pilipinas.*

*Ilarawan ang resulta ng pagkahinog ng pyudalismo sa lipunang Pilipino.*

## 3. Ano ang mga pangunahing katangian ng kolonyal at pyudal na sistemang pampulitika at pangkultura na itinatag ng kolonyalismong Espanyol?

**a.** Namayani ang estadong teokratiko, ang pagsasanib ng estado at ng simbahang Katoliko. Malawak ang kapangyarihan ng mga prayle sa pulitika at kultura.

**b.** Ang enkomyenda ang nagsilbing lokal na yunit ng administrasyon hanggang noong ika-17 siglo, nang palitan ang mga iyon ng mga regular na probinsya.

**k.** Ginamit ang sistemang probinsyal para palakasin ang sentral na pamamahala sa buong kolonya.

**d**. Ang gubernador-heneral na Espanyol ang pinakamataas na upisyal ng gubyernong kolonyal at ng hukbong kolonyal.

**e.** Ginamit ang relihiyong Katoliko para alipinin ang isip ng mamamayan habang winawasak ang katutubong kultura.

*Ipakita ang istruktura ng gubyernong kolonyal.*

*Ilarawan kung paano ginamit ang Katolisismo para alipinin ang isipan ng mamamayan habang winawasak ang katutubong kultura. Ipakita ang pag-iral nito hanggang sa ngayon.*

### 4. Paano nilabanan ng mamamayang Pilipino ang kolonyal at pyudal na pang-aapi't pagsasamantala?

**a.** Mula nang ipataw ang kolonyal na paghahari sa Pilipinas, tuluy-tuloy na sumiklab ang mga pag-aalsa sa iba't ibang bahagi ng kapuluan. Di kukulangin sa dalawang daang pag-aalsa ang naganap.

**b**. Noong una, ang hirap at parusa ng sapilitang paggawa ang kadalasang dahilan ng pag-aalsa. Ngunit noong ika-18 siglo, tumingkad na ang mulat na paglaban sa pyudalismo.

*Ihalimbawa ang pagiging mapangahas ni Lapulapu, pagiging pursigido ni Dagohoy, pagiging mapanlikha ni Palaris, pamumuno ni Gabriela Silang at katatagan ng mamamayang Moro at sambayanang Kordilyera.*

*Ipakita ang ginawang pagsupil ng mga kolonyalistang Espanyol sa mga pag-aalsa.*

## D. Ang Rebolusyong Pilipino ng 1896

### 1. Anong mahahalagang pagbabago sa lipunang Pilipino ang nagbunga ng Rebolusyon ng 1896?

**a.** Nang ipalaganap ang sistemang asyenda noong huling bahagi ng ika-18 siglo hanggang unang bahagi ng ika-19 siglo, ganap na nahinog ang pyudalismo sa Pilipinas at nagsimula itong malusaw unti-unti. Ito ang batayan sa loob ng lipunang Pilipino ng pagsiklab ng Rebolusyon ng 1896 at pagbagsak ng kolonyalismong Espanyol. Mula sa sistemang pyudal, tumutungo na ang lipunang Pilipino sa sistemang malapyudal.

**b.** Umigting ang mga panloob na kontradiksyon:

- Sumibol ang binhi ng kapitalismo sa lipunang pyudal;
- Lumitaw ang napakatinding pagsasamantala't pang-aapi at pagpapahirap sa masang magsasaka;
- Lumitaw ang proletaryadong Pilipino;
- Isinilang ang burgesyang Pilipino;
- Tumingkad ang kamalayang makabayan at pagkamuhi sa kolonyalistang Espanyol.

**k.** Lumitaw ang mga paborableng panlabas na kalagayan para sa Rebolusyong 1896:

- humihina ang kapangyarihan ng Espanya sa buong daigdig;
- sumusulong ang mga rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan sa mga kolonya ng Espanya .

*Gamitin ang **Biswal KnP-2**. Idetalye ang pag-igting ng mga panloob na kontradiksyon, ang krisis sa ekonomya at pulitika, ang pag-usbong ng mga bagong uri at ang pagtindi ng pagsasamantala at pang-aapi sa anakpawis.*

*Ipakita kung paano nakatulong ang mga panlabas na kalagayan para sa Rebolusyon ng 1896.*

*Magbahagi ng mga lokal na kasaysayan sa Rebolusyon ng 1896 kung mayroon.*




KnP - 2

## 2. Ano ang saligang katangian ng Rebolusyon ng 1896?

**a.** Ang Rebolusyon ng 1896 ay isang pambansa-demokratikong rebolusyon na lumang tipo. Pinapatnubayan ito ng ideolohiya ng liberal na burgesya. Ang mga saligang simulain nito ay pambansang paglaya at anti-pyudalismo.

**b.** May nabuong dalawang kilusan ng ilustrado sa Pilipinas, ang kilusang sekularisasyon at kilusang propaganda. Nakatulong ang mga ito sa paghahanda ng opinyong publiko para sa Rebolusyon ng 1896.

**k.** Ang Katipunan ang nagtaguyod ng malinaw na panawagan para sa rebolusyonaryong pakikibaka at sa kasarinlan. Napukaw sa paglahok sa rebolusyon ang mga katutubong panginoong maylupa, mangangalakal, burukrata, manggagawa at magsasaka. Ang uring magsasaka ang naging pangunahing pwersa ng Rebolusyong Pilipino.

*Gamitin ang* ***Biswal KnP-2****. Ilinaw ang pambansa-demokratikong nilalaman ng Rebolusyon ng 1896.*

*Ilinaw na progresibo ang papel ng liberal na burgesya sa pakikibaka laban sa kolonyalistang Espanyol. Ilahad rin ang mga kahinaan at limitasyon ng uring ito.*

## 3. Ano ang resulta ng Rebolusyon ng 1896?

**a.** Nagtagumpay ang Rebolusyon ng 1896 na ibagsak ang kolonyalismong Espanyol. Pero hindi naganap ang pormal na pagsuko ng mga Espanyol sa kilusang rebolusyonaryo dahil sa pakikialam at pananalakay ng imperyalismong US.

**b.** Ang rebolusyong Pilipino ay hindi pa handa sa ideolohiya, pulitika at organisasyon para biguin ang pananakop ng isang kapangyarihang industriyal at lumaban dito sa pamamagitan ng matagalang rebolusyonaryong digma.

*Idiin ang kadakilaan at kagitingan ng sambayanang Pilipino laban sa kolonyalismong Espanyol.*

*Ipakita ang kahinaan ng pamumunong liberal-burges sa rebolusyon.*

## E. Ang Kolonyal na Paghahari ng Imperyalismong US

### 1. Bakit sinakop ng imperyalismong US ang Pilipinas?

**a**. Nang sakupin ng imperyalismong US ang Pilipinas, ang kapitalismo sa US ay nagbigay-daan na sa monopolyong kapitalismo. Bilang bagong-saltang imperyalistang kapangyarihan, ang US ay agresibong nagpapalawak noon ng sariling "saklaw ng impluwensya."

- Hangad ng imperyalismong US ang masaganang likas na yaman, murang lakas-paggawa at pamilihan ng Pilipinas.
- Hangad ding gamiting tuntungan ang Pilipinas para gawing "lawang Amerikano" ang Dagat Pasipiko at makapanakop sa Tsina at ibang lugar ng Asya.

*Tanungin ang mag-aaral kung ano ang ikinakatwiran ng imperyalismong US sa pagsakop sa Pilipinas. Pabulaanan ang mga ito.*

### 2. Paano sinakop ng imperyalismong US ang Pilipinas?

**a.** Pangunahing ginamit ng imperyalismong US ang kontra-rebolusyonaryong dahas, at pangalawa, ang panlilinlang. Hindi kailanman naglubay ang mga mananalakay na Amerikano sa paggamit ng kontra-rebolusyonaryong dalawahang taktika.

**b.** Ang liberal na lideratong burges ng lumang demokratikong rebolusyon ay napatunayang walang kakayahan, lampa at mapagkompromiso.

**k.** Kahit noong natalo na ang mga pangunahing ditatsment ng gubyerno ni Aguinaldo, nagpatuloy pa rin ang armadong paglaban hanggang 1916 sa Mindanao.

*Sa pamamagitan ng mga piling kwento ipakita ang ginawang mga kahayupan sa panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano at panlilinlang ng imperyalismong US upang masakop ang Pilipinas.*

*Ipakita ang matitingkad na paglaban at pagtutol ng sambayanang Pilipino sa pagsakop ng imperyalismong US sa bayan.*

### 3. Anong sistema ng lipunan ang itinayo ng imperyalismong US sa Pilipinas?

**a.** Sa paggapi ng Rebolusyong Pilipino, naipataw ng imperyalismong US ang kanyang kolonyal na paghahari sa Pilipinas. Ginamit agad ng monopolyong kapitalismong US ang pyudalismo bilang lahatang-panig na batayang panlipunan nito.

*Gamitin ang* ***Biswal KnP-3*** *para sa pangkalahatang paglalarawan ng sistema ng lipunang itinayo ng imperyalismong US.*




KnP - 3

*Ilinaw ang papel ng bawat uri sa lipunang kolonyal at malapyudal.*

**b.** Ang mga uri sa kolonyal at malapyudal na lipunan:

- Uring panginoong maylupa at malaking burgesya komprador;
- Pambansang burgesya at maliit na burgesya;
- Manggagawa at magsasaka.

## 4. Ano ang mga pangunahing katangian ng sistemang pang-ekonomya na itinayo ng Imperyalismong US sa Pilipinas?

*Isa-isang talakayin ang mga pangunahing katangian ng sistemang pang-ekonomya. Magbigay ng mga halimbawa.*

**a.** Itinayo ng imperyalismong US ang isang kolonyal at malapyudal na ekonomya, isang sistemang nakaasa sa pag-eksport ng mga hilaw na materyales at pag-import ng mga yaring produkto.

**b.** Ang mga pangunahing katangian ng sistemang kolonyal at malapyudal:

- pagpasok ng labis na kapital ng imperyalismong US;
- pagpapatupad ng "malayang kalakalan" sa pagitan ng Pilipinas at US;
- pagpanatili at lalong paglaganap ng pyudalismo;
- paglaganap ng malapyudalismo sa kanayunan at sa buong lipunan;
- matinding pagsasamantala at pagpapahirap sa masang manggagawa at magsasaka.

## 5. Ano ang mga pangunahing katangian ng sistema sa pulitika sa ilalim ng kolonyal na paghahari ng imperyalismong US?

**a.** Tuwirang hinawakan ng kolonyalistang US ang kapangyarihang pampulitika sa bayan.

**b**. Tulad ng kolonyalistang Espanyol, ginamit nilang papet ang lokal na naghaharing uri. Kinatulong ang mga ito sa panlilinlang at panunupil sa sambayanang Pilipino.

**k.** Ginamit na pinakahaligi ng estadong kolonyal ang kolonyal na hukbong sandatahan. Bukod sa hukbo ng pananakop, binuo noong 1901 ang Konstabularya ng Pilipinas.

*Ilarawan ang estadong kolonyal. Ipakita kung paano sinanay ang mga papet na rehimen upang maging katulong ng imperyalismong US sa panlilinlang at panunupil sa mamamayang Pilipino.*

## 6. Ano ang mga pangunahing katangian ng kulturang ipinalaganap ng imperyalismong US sa Pilipinas?

**a.** Pinalaganap ang mga kaisipang kolonyal at ang wikang Ingles para alipinin ang pag-iisip ng mamamayan at maging mahiligin sila sa mga produktong Amerikano.

**b.** Hinubog ang kaisipan ng kabataang Pilipino para sumamba at magsilbi sa paghahari ng imperyalismong US. Itinatag ang sistema ng edukasyong publiko.

**k.** Ang Simbahang Katoliko ay hinayaang magpalaganap ng kulturang pyudal tulad ng pagpapahintulot at pagkupkop na ginawa sa sistemang pyudal sa kanayunan.

*Isa-isahin ang mga daluyang ginamit sa pagpapalaganap ng kaisipang maka-imperyalista at pyudal. Ilinaw kung paano ginamit ang mga ito.*

## 7. Paano nilabanan ng sambayanan ang kolonyal at malapyudal na pagsasamantala't pang-aapi ng kolonyalismong US?

**a.** Nagpatuloy ang armadong paglaban sa iba't ibang dako ng bayan.

**b.** Lumitaw na ang mga unyon ng manggagawa at mga samahang magsasaka. Sumiklab ang maraming ispontanyong paglaban ng masa bunga ng masidhing diskuntento.

**k.** Umabot sa bago at mas mataas na yugto ang pakikibaka ng masang manggagawa't magsasaka laban sa imperyalismong US at katutubong pyudalismo nang itatag ang Partido Komunista ng Pilipinas noong Nobyembre 7, 1930.

*Maglahad ng mga piling kwento hinggil sa paglaban ng sambayanang Pilipino. Mainam kung makapaglalahad ang mag-aaral ng datos mula sa lugar na kanilang kinikilusan.*

*Magbigay ng maikling paglalahad sa pagsilang ng Partido.*

## G. Ang Pakikibaka ng Bayan Laban sa Mananalakay na Hapones

### 1. Bakit sinakop ng imperyalismong Hapones ang Pilipinas?

Bunga ng malubhang krisis ng kapitalismo sa buong daigdig, naglunsad ng digma ang mga pasistang imperyalistang kapangyarihan para muling hati-hatiin ang daigdig. Tinangka ng mga imperyalistang Hapones na agawin mula sa mga imperyalistang US, Ingles, Pranses at Olandes ang mga kolonya ng mga ito sa Asya. Bahagi ng kabuuang planong ito ang pagsalakay at pagsakop ng Hapon sa Asya.

*Gamitin ang* ***Biswal KnP-3****. Ipakita ang mga pang-ekonomya at pampulitikang interes ng imperyalismong Hapones sa pagsakop sa Pilipinas. Bigyang-diin ang katangian ng WWII bilang digmaan sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan – ang pag-aagawan ng teritoryo sa daigdig.*




KnP - 3

### 2. Ano ang ginawa ng lokal na mga naghaharing uri nang sumalakay ang imperyalismong Hapones?

Nahati sa dalawang paksyon ang mga malaking burges kumprador, panginoong maylupa at burukratang kapitalista. Pumili ang bawat paksyon ng imperyalistang kapangyarihan na papanigan nila. Hindi pumasok sa kanilang isipan na igiit ang independensya at soberanya ng Pilipinas laban sa alinmang imperyalistang mananakop.

*Banggitin ang mga paksyon ng mga naghaharing uri at ang pinanigan nila. Ihambing ang kolaborasyunistang katangian ng mga naghaharing uri sa mapanlabang katangian ng masang anakpawis.*

### 3. Paano nilabanan ng sambayanang Pilipino ang mananalakay na Hapones?

**a.** Makasaysayang papel ang ginampanan ng Partido, hukbong bayan at mamamayan sa pakikibaka laban sa mananalakay na Hapones.

**b.** Sinabotahe ng Lava at Taruc ang armadong pakikibaka at ang demokratikong kapangyarihang natamo ng masa.

**k.** Hindi ang imperyalismong US ang nagpalaya sa Pilipinas mula sa imperyalismong Hapones. Ang armadong pakikibaka ng PKP at Hukbalahap at iba pang makabayang pwersa ang tumalo sa mga Hapones.

*Maglahad ng mga kwento upang ipakita ang makasaysayang papel ng Partido, hukbong bayan at mamamayan laban sa mananalakay na Hapones.*

*Ilinaw na hindi pagpapalaya ang isinagawa ng imperyalismong US kundi muling pananakop.*

## H. Ang Papet na Republika ng Pilipinas

### 1. Paano itinatag ng imperyalismong US ang papet na republika noong 1946?


**a.** Para mapanatili ang kontrol sa Pilipinas, gumawa ang US ng mayor na pagbabago sa estratehiya mula sa tuwirang paghaharing kolonyal tungo sa di tuwirang paghaharing malakolonyal.

- Bago ang nominal na pagkakaloob ng independensya sa Pilipinas, sinigurado ng US na magpapatuloy ang dominasyon nito sa ekonomya, pulitika, militar, kultura at ugnayang panlabas.
- Ipinagkaloob ang huwad na kalayaan at itinatag ang isang papet na republika.

**b.** Muling naglunsad ang imperyalismong US, sa tulong ng mga lokal na naghaharing uri ng digmang mapanalakay laban sa sambayanan.

*Gamitin ang* **Biswal KnP-4**. *Ilinaw ang mga salik kaugnay sa pagbabago ng patakaran ng imperyalismo mula kolonyalismo tungong neokolonyalismo matapos ang WWII.*

*Ipakita ang patuloy na paglaban ng sambayanan sa pagbabalik ng imperyalismong US.*




KnP - 4

## 2. Ano ang mga saligang katangian ng lipunang Pilipino sa ilalim ng papet na republika?


**a.** Malakolonyal at malapyudal na lipunan ang itinayo ng imperyalismong US sa ilalim ng papet na republika:

- Ang burukratang kapitalismo ay ipinalit sa dating kolonyal na paghahari ng imperyalismong US para pagtakpan ang kanyang tuluy-tuloy na dominasyon at kontrol sa Pilipinas;
- Nanatili ang kapangyarihan ng imperyalismong US at mga lokal na papet nito sa ekonomya, pulitika, militar at kultura;
- Patuloy na pinatitindi ang pagsasamantala sa masang manggagawa at magsasaka.

**b.** Ang sistemang malakolonyal at malapyudal ay pinahihirapan ng dalawang nabubulok at naghihingalong pwersa: ang dayuhang monopolyong kapitalismo at ang katutubong pyudalismo. Nasa palagiang krisis ang sistemang ito.

*Gamitin ang* **Biswal KnP-4**. *Ipalarawan sa mag-aaral kung ano ang pagkakaiba ng malakolonyal sa dating kolonyal na paghahari ng imperyalismong US sa Pilipinas.*

*Gamitin ang* **Biswal Uri-1.** *Ihanay ang mga uri sa lipunan sa ilalim ng papet na republika.*




URI 1 - MGA URI SA LIPUNANG PILIPINO

## 3. Paano pinanatili ang kontrol ng imperyalismong US sa ekonomya ng Pilipinas?

**a.** Pinanatili ang kontrol ng imperyalismong US sa ekonomya ng bayan sa pamamagitan ng:


- di pantay na kasunduan;
- tuwirang pamumuhunan;
- pagpapautang;
- dekontrol at liberalisasyon.

**b.** Lalong tumindi ang agraryo, di industriyal at malapyudal na katangian ng ekonomya ng Pilipinas.

*Gamitin ang* **Biswal EP-7a** *at* **Biswal Impe-3**. *Gamitin ang mga halimbawa sa teksto upang ipakita ang kontrol ng imperyalismong US sa ekonomya ng bayan. Gumawa ng tsart ng mga tratado, batas at kasunduan sa pagitan ng imperyalismong US at Pilipinas.*




EP 7a - MALAPYUDALISMO SA PILIPINAS




IMPE 3 - EKSPORT NG KAPITAL

## 4. Paano pinanatili ang pyudalismo?

**a.** Pagkatapos ng digmaang pandaigdig, sinalakay at dinurog ng mga panginoong maylupang inayudahan ng imperyalismong US ang armadong rebolusyonaryong kilusan, ang hukbong bayan, gayundin ang mga rebolusyonaryong samahang magsasaka at mga hindi rebolusyonaryong komite nila.

**b.** Ang pagpapanatili ng pyudal na kapangyarihan sa kanayunan at pyudal na pambubusabos sa masang magsasaka ay ginagawa sa pamamagitan ng kamay na bakal ng papet na estado at pribadong armadong grupo ng panginoong maylupa, kakumbina ng reaksyunaryong batas, korte, burukrasya, patriyarkalismo at relihiyon.

**k.** Sa hangad na linlangin ang masang magsasaka at agawin sa rebolusyonaryong kilusan ang inisyatiba sa pulitika, ang mga papet na rehimen nina Magsaysay, Macapagal at Marcos ay nagpalabas ng mga batas sa huwad na reporma sa lupa.

**d.** Noong mga huling taon ng dekadang 1960, nasagad ang prontera. Naubos na ang malalawak na bakanteng lupain. Lalong tumindi ang paghihikahos at ligalig sa hanay ng masang magsasaka.

*Ilinaw na kontrarebolusyonaryong dahas ang pangunahing instrumento ng Imperyalismong US para panatilihin ang pyudalismo.*

*Ipakita na ang lahat ng batas sa repormang agraryo ng reaksyunaryong gubyerno ay hungkag, mapanlinlang at pabor sa interes ng uring panginoong maylupa.*

## 5. Paano pinanatili ng imperyalismong US ang kontrol nito sa reaksyunaryong pulitika ng Pilipinas?

**a.** Ang kasalukuyang reaksyunaryong estado ay likha at kasangkapan ng imperyalismong US at mga lokal na naghaharing uri para itaguyod ang kanilang makauring interes at supilin ang mamamayan. Mga ahente't kinatawan nila ang mga burukratang kapitalistang humahawak sa reaksyunaryong gubyerno.

**b.** Ang AFP ang pinakamamaaasahang organisasyong papet ng US sa Pilipinas at siyang pinakaantagonistiko sa pambansa at demokratikong mga adhikain ng sambayanang Pilipino.

*Magbigay ng mga halimbawa mula sa teksto kung paano kinokontrol ng imperyalismong US ang reaksyunaryong pulitika.*

*Ipakita kung paano pinaglilingkuran ng burukratang kapitalismo ang interes ng imperyalismong US at mga lokal na naghaharing uri.*

*Magbigay ng halimbawa kung paano ipinagtatanggol ng reaksyunaryong AFP ang estado ng imperyalista at lokal na naghaharing uri laban sa mamamayan.*

## 6. Paano pinananatiling naglilingkod ang kultura sa imperyalismong US at pyudalismo?

**a.** Sa pamamagitan ng "tulong" na salapi, teknikal at kagamitan mula sa mga ahensya ng US at ng iba't-ibang programa sa kultura at edukasyon, ipinalalaganap at napangingibabaw ang kultura at mga kaisipang kolonyal, pyudal at kontra-rebolusyonaryo sa Pilipinas.

**b.** Kontrolado ng imperyalistang US, malalaking burgesya komprador at malalaking panginoong maylupa ang masmidya.

**k.** Ang Simbahang Katoliko at mga relihiyon ay kinakasangkapan ng mga naghaharing uri upang patuloy na gumanap sa kanilang papel sa paglason at panggugulo sa isip ng sambayanan.

*Gamitin ang **Biswal MI-9**. Hingin sa mga mag-aaral ang kongkretong mga halimbawa/paglalarawan kung paano pinananatiling naglilingkod ang kultura at edukasyon sa imperyalismong US at sa pyudalismo.*



MI 9 - PANGINGIBABAW NG KULTURA NG MGA NAGHAHARING URI

## 7. Ano ang saligang katangian ng patakarang panlabas ng papet na gubyerno?

Ang saligang katangian ng patakarang panlabas ng papet na gubyerno ay ang pagiging sunud-sunuran sa mga pakana at programa ng imperyalismong US sa relasyong internasyunal.

*Magbigay ng mga halimbawa ng pagiging sunud-sunuran ng patakarang panlabas ng papet na gubyerno, tulad ng todo-bigay na suporta ng gubyernong Arroyo sa patakarang pakikidigmang "anti-terorista" ng US.*

## 8. Paano ipinagpatuloy ng sambayanang Pilipino ang pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya sa ilalim ng papet na republika?

**a.** Sa kabila ng pagpapakasangkapan ng mga Lava at Taruc sa mga naghaharing uri, sumiklab ang mga ispontanyong pagtatanggol ng masa laban sa mga pagsalakay ng kaaway.

**b.** Muling itinatag ang PKP noong Disyembre 26, 1968. Muling sumulong ang rebolusyonaryong pakikibaka nang ito'y magabayan na ng MLM.

*Magbigay ng matitingkad na halimbawa ng mga pakikibakang anti-imperyalista at antipyudal at paglaban sa histeryang antikomunista.*

*Ipasagot sa mag-aaral kung bakit mahalaga ang muling pagkakatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas.*

## 9. Paano hinadlangan at sinupil ng papet na gubyerno ang rebolusyonaryong kilusan?

**a.** Patuloy na ginamit ng imperyalismong US at naghaharing mga uri ang kontra-rebolusyonaryong dalawahang taktika (panlilinlang at pasismo) laban sa patuloy na rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan laluna sa ilalim ng pamumuno ng Partido.

**b.** Ang pasismo sa bayan ay nakaugat sa burukratang kapitalismo na itinayo ng imperyalismong US sa ilalim ng papet na republika.

**k.** Kasabay at kakumbina ng pasismo ginamit ng papet na gubyerno ang iba't ibang paraan ng panlilinlang para ilayo ang masa ng sambayanan sa tunay na rebolusyonaryong landas.

*Hikayatin ang mag-aaral na magbigay ng mga halimbawa kung paano sabay na ginamit ng imperyalismong US at papet na pamahalaan ang dalawahang taktika ng panlilinlang at pasismo.*

# I. ANG PASISTANG DIKTADURANG US-MARCOS

## 1. Bakit ipinataw ang pasistang paghaharing diktador ng pangkating US-Marcos?

**a.** Ipinataw ito para ipagtanggol ang sistemang malakolonyal at malapyudal at higit pang patindihin ang pagsasamantalang kolonyal, pyudal at malapyudal.

**b.** Napakagrabe na ng krisis ng sistemang malakolonyal at malapyudal kaya hindi na ito makapaghari sa dating paraang may palamuti ng mga institusyon at prosesong burges liberal.

**k.** Sa kabilang banda, nagsimulang lumaki ang rebolusyonaryong mga pwersa ng partidong proletaryo, ang hukbong bayang nakabase sa magsasaka at ang pambansang nagkakaisang prente. Iginigiit din ng mga ligal na pwersa ng pambansa-demokratikong kilusan ang pagbibigay-wakas sa malakolonyal at malapyudal na sistema.

*Gamitin ang* ***Biswal KnP-5****. Ilarawan at ipaliwanag ang mga kalagayan ng lipunan ng panahong iyon.*



KnP - 5

## 2. Ano ang saligang katangian ng pasistang diktadurang US-Marcos?

**a.** Sa esensya, ang pasistang diktadura ay ang lantad na teroristang paghahari ng isang reaksyunaryong pangkating taglay ang mga interes ng malaking burgesyang kumprador at malalaking panginoong maylupa. Dalawang bagay ang dapat bigyang-diin sa saligang katangian nito:

- ang lantad at walang pakundangang paggamit ng pwersang militar upang supilin ang mamamayan;
- ang makauring katangian nito.

**b**. Ang imperyalismong US ang utak sa likod ng pasistang diktadura at pangunahing nakinabang dito.

*Magbigay ng mga halimbawa upang palamnan ang saligang katangian ng pasistang diktadurang US-Marcos. Hikayatin din ang mag-aaral na maglahad ng mga halimbawa.*

*Ipaliwanag ang bahagi ng teksto ukol sa pagiging utak ng imperyalismong US sa likod ng pasistang diktadura.*

### 3. Paano lalong pinalala ng pasistang paghaharing diktador ang krisis ng lipunang malakolonyal at malapyudal?

**a.** Isinagawa ng ultra-kanang pangkating Marcos ang:

- isang pasistang kontrarebolusyon;
- malakihang pag-angkin ng lupa at iba pang ari-arian;
- pagpapakitid sa awtokratikong paghahari ng isang tao mula sa dati nang makitid na republikang malakolonyal;
- pagpapagrabe ng krisis ng malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan.

**b.** Sa pagkakaroon ng awtokratikong kapangyarihan, isinagawa ni Marcos at ng kanyang pasistang pangkatin ang pinakamalaki at pinakamasamang pandarambong ng burukratang kapitalismo sa buong kasaysayan ng Pilipinas.

*Gamitin ang mga datos sa teksto para ilarawan ang paglala ng krisis ng lipunang malakolonyal at malapyudal sa panahon ng pasistang paghaharing diktador.*

*Magbigay ng matitingkad na kwento o halimbawa ng pasistang pang-aabuso at kalupitan sa mamamayan.*

### 4. Paano nilabanan ng masa ng sambayanan ang pasistang paghaharing diktador?

Sa kabila ng brutal na patakaran ng rehimeng Marcos sa pagsupil sa pambansa-demokratikong kilusan at malakihang pangungutang para suportahan ang rehimen:

- lumakas at sumulong ang mga pwersa ng armadong rebolusyon tulad ng PKP, BHB at NDF;
- ang ligal na demokratikong kilusang masa na kumprehensibong antipasista, anti-imperyalista at antipyudal ay muling sumulong nang sumulong.

*Ilarawan ang pagsulong ng armadong pakikibaka, kasama na ang mamamayang Moro, at ligal na demokratikong kilusang masa laban sa pasistang paghaharing diktador.*

### 5. Paano bumagsak ang pasistang paghaharing diktador?

**a.** Nangunguna sa lahat ng obhetibong salik na sanhi ng paghina ng pasistang rehimeng Marcos ang patuloy na paglala ng kundisyon sa kalakalan para sa eksport ng hilaw na materyales ng Pilipinas at paghigpit sa internasyunal na pagpapautang.

*Ilinaw ang makasaysayang papel ng masa at rebolusyonaryong kilusan sa pagpapabagsak sa diktadurang Marcos Kung may pasilidad, ipalabas ang "**Sigaw ng Bayan.**"*

**b.** Naibagsak ang pasistang pangkating Marcos bunga ng kumbinasyon ng magkakasalungat na pwersa:

- ang rebolusyonaryong kilusan at iba pang pwersang makabayan at demokratiko,
- ang mga reaksyunaryong anti-Marcos, mga rebeldeng militar, simbahang Katoliko at ang US.

**k.** Sa kabuuan, mapagpasya ang ginawa ng tuluy-tuloy at matagalang paglaban ng rebolusyonaryong kilusang masa na pinakaepektibong nagpahina at naghiwalay sa pasistang diktadura.

## L. Paghaharing Papet at Pasista na May Kamuplahe

### 1. Paano ipinagpatuloy ng reaksyunaryong rehimeng Aquino ang paghaharing papet at pasista pagkatapos mapabagsak ang pasistang diktadurang US-Marcos?

**a**. Ang pagpapabagsak kay Marcos ay hindi isang rebolusyong sosyal dahil:

- hindi nalutas ang pundamental na problema ng mamamayan at krisis ng sistemang panlipunan;
- nanatili ang hegemonya ng US sa Pilipinas;
- ang mga mapagsamantalang uring malaking burgesya komprador at panginoong maylupa ang patuloy na naghahari sa dati pa ring estado't lipunang malakolonyal at malapyudal;
- Umiiral pa rin ang dating kontra-rebolusyonaryong sandatahang lakas na siya pa ring pangunahing sangkap ng neokolonyal na kapangyarihan ng estado.

*Hingin sa mga mag-aaral ang mga halimbawa ng antinasyunal, anti-manggagawa, antimagsasaka at pasistang mga hakbangin at patakaran ng rehimeng US-Aquino.*

**b**. Ang pumalit sa pasistang pangkating Marcos ay isa ring maka-US na reaksyunaryong paksyon na may burges-demokratikong maskara sa pamumuno ni Aquino.

**k.** Ang ekonomya sa ilalim ng rehimeng US-Aquino ay mabilis na bumulusok patungo sa mas malalim pang krisis.

**d.** Ang pag-igting ng kampanyang kontra-insurhensya at pasismo na pinakamalaki, pinakabrutal at pinakakomprehensibo sa kasaysayan ng Pilipinas matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

**2. Paano higit pang pinasahol ng reaksyunaryong rehimeng Ramos ang paghaharing papet at pasista?**

**a.** Sa ilalim ng rehimeng Ramos:

- higit pang sumama ang ekonomya ng Pilipinas;
- nagpatuloy at tumindi ang pasismo pero nagkamuplahe, laluna laban sa manggagawa at magsasaka, kahima't tinangka ng rehimeng lumikha ng ilusyong siya'y may mabuting loob at naghahangad ng pambansang pagkakasundo;
- pinatindi ang pagsasamantala at pang-aapi sa mga anakpawis upang gawing mas mura pa ang paggawa at mang-akit ng pamumuhunang dayuhan.

*Talakayin ang matitingkad na mga patakaran ng rehimeng Ramos at hikayatin ang mag-aaral na magbahagi sa naging epekto nito sa kanila at sa masa.*

**Nota:** *Idagdag ang pagtalakay sa mga rehimeng US-Estrada at US-Macapagal-Arroyo.*

**3. Paano ipinagpatuloy ng Partido at mamamayan ang rebolusyonaryong pakikibaka para ibagsak ang bulok na sistemang malakolonyal at malapyudal?**

Sa pagpapalit ng mga papet na presidente, hindi napahina ang rebolusyonaryong pwersa o hindi naagaw sa kanila ang inisyatiba. Nagpunyagi ang Partido at rebolusyonaryong kilusan sa pagsusulong ng mga armado at di armadong pakikibaka alinsunod sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan.

*Idiin ang pagpupursige ng Partido sa pakikibaka sa lahat ng larangan at pagtutuwid sa mga pagkakamali para manatili sa tamang linya.*

*Ilarawan ang pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan. Humalaw sa mga pinakahuling pahayag ng Partido.*

# PAGSASARA NG TALAKAYAN

1. *Ilahad na paigting nang paigting ang tunggalian ng mga uri. Habang lumulubha ang krisis pang-ekonomya at pampulitika, sumusulong tungo sa tagumpay ang pambansa-demokratikong rebolusyon sa ilalim ng wastong pamumuno ng Partido.*

2. *Balikan ang layunin ng pag-aaral sa paksa at ang pangunahing mga punto at balangkas.*

3. *Magsagawa ng pagtataya kung nakamit ang layunin ng pag-aaral.*

| | Prekolonyal (20,000-30,000 taon na ang nakaraan) | Kolonyalismong Espanyol(1565 -1898) | Rebolusyong 1896 at Digmaang Pilipino-Amerikano (1899-1902) | Kolonyal na Paghahari ng Imperyalismong US (1902-1942) | Pananakop ng Imperyalismong Hapones (1942 –1945) | Malakolonyal at Mala-pyudal na Paghahari ng Imperyalismong US (1946 –kasalukuyan) |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Sistemang Panlipunan** | 1. Malakomunal, mala-alipin<br>2. Sistemang Pyudal sa Mindanao at Sulu<br>3. Primitibo Komunal sa mga Ita at iba pang katulad | Kolonyal at Pyudal | Kolonyal at Pyudal | Kolonyal at Malapyudal | Kolonyal at Malapyudal | Huling bahagi ng 1944-1946, muling pagpataw ng kolonyal na paghahari ng Imperyalismong US sa Pilipinas; Hulyo 4, 1946, deklarasyon ng Huwad na Kalayaan; naging Malako-lonyal at Malapyudal ang Pilipinas |
| **Moda sa Produksyon (ekonomya)** | Pinakamalaganap ang sistemang malakomunal at mala-alipin | Militar-pyudal: Sistemang Enkomyenda sa unang 100 taon; Sistemang Asyenda | Ika-18 siglo - nahinog ang pyudalismo. Lumitaw ang burgesya at proletaryong Pilipino. | Kolonyal at Malapyudal | Malapyudal | Malapyudal |
| **Mga Uri:**<br>**1. Naghahari** | 1. Datu /Raha | kolonyal na upisyal, sundalo, prayle, at mga PML na Kastila at lokal | Umigting ang tunggalian ng mga uri. | 1. Imperyalistang US, panginoong maylupa at burgesya kom-prador | 1. Imperyalistang Hapon, PML at burgesya kom-prador | 1.Imperyalistang US, malaking burgesya kom-prador at PML |
| **2. Panggitna** | 2. Maharlika | | | 2. Panggitnang burgesya | 2. Panggitnang burgesya | 2. Panggitnang burgesya |
| **3. Pinaghaharian** | 3. Timawa Mala-alipin Alipin<br>*Sa Mindanao at Sulu ang mga sultan at datu ang naghahari at datu, at magsasaka at artisano ang pinaghaharian. | Mamamayang Pilipino | | 3. Manggagawa, Magsa-saka at petiburgesya | 3. Manggagawa, Magsa-saka at petiburgesya | 3.Manggagawa, magsa-saka at petiburgesya |















| | Prekolonyal (20,000-30,000 taon na ang nakaraan) | Kolonyalismong Espanyol(1565 -1898) | Rebolusyong 1896 at Digmaang Pilipino-Amerikano (1899-1902) | Kolonyal na Paghahari ng Imperyalismong US (1902-1942) | Pananakop ng Imperyalismong Hapones (1942 –1945) | Malakolonyal at Malapyudal na Paghahari ng Imperyalismong US (1946 –kasalukuyan) |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Pulitika** | Barangay: pinamumunuan ng mga datu o raha; may mga batas at sistema ng tanggulan<br><br>Sultanato sa Mindanao at Sulu | Teokratikong estado Enkomyenda: Sistemang Probinsyal ( ika-18 siglo) | Kilusang Sekularisasyon; Kilusang Propaganda; Katipunan, Rebolusyong 1896; Republika ng Pilipinas | Kolonyal: Haligi ang hukbong US; binuo ang Phil Constabulary bilang papet na hukbo; Gobyernong Komonwelt | Kolonyal at Pasistang paghahari ng Imperyalistang Hapon, Papet na Rehimeng Laurel | Malakolonyal: Mga Papet na Rehimeng Roxas, Quirino, Magsaysay, Garcia, Macapagal, Marcos (Batas *Militar*), Aquino, Ramos, Estrada, Arroyo. |
| **Kultura** | Maunlad na: May alpabeto, literatura; enhinyeriya (rice terraces, pag-gawa ng bangkang pangkalakal at pandigma); paggamit ng pulbura;relihiyon (animismo, Islam); at iba't-ibang porma ng sining. | Kulturang pyudal | Pinapatnubayan ng ideolohiya ng liberal na burgesya (pambansang paglaya at anti-pyudalismo) | Kaisipang kolonyal, burges, at maka-imperyalista. Hinayaan ang simbahang Katolikong magpalaganap ng kaisipang pyudal. | Ipinalaganap ang kulturang maka-Hapon | kultura at mga kaisipang maka-imperyalista, pyudal, at kontrarebo-lusyonaryo. |
| **Paglaban ng Mamamayan** | Labanan sa pagitan ng mga barangay | Mahigit 200 pag-aalsa bago ang Rebolusyong 1896 | Paglaban ng mamamayan sa pambansang saklaw | Patuloy ang armadong paglaban ng mamamayan hanggang 1916. Umabot sa bago at mas mataas na yugto ang pakikibaka ng masang manggagawa't magsasaka nang itatag ang PKP noong Nobyembre 7, 1930. | Makasaysayang papel ang ginampanan ng Partido, hukbong bayan at mamamayan sa pakikibaka laban sa mananalakay na Hapones. | Nagpunyagi ang Partido at rebolusyonaryong kilusan sa pagsusulong ng mga armado at di armadong pakikibakang bayan alinsunod sa linya ng bagong demokratikong rebolusyon. |



# MGA URI AT KRISIS SA LIPUNANG PILIPINO

## LAYUNIN



1. Masapol na malakolonyal at malapyudal ang saligang balangkas ng lipunang Pilipino sa kasalukuyan. Sa gayon, wastong maunawaan ang tunay na kalagayan ng lipunan, tunay na katangian at mga ugat ng talamak na krisis at wastong rebolusyonaryong solusyon sa krisis.

2. Mailinaw na ang wastong pagsusuri sa balangkas ng mga uri sa lipunan ang pundasyon ng pag-unawa sa saligang katangian at mga pangunahing tungkulin ng rebolusyong Pilipino.

3. Maging gabay sa panlipunang pagsisiyasat at pananaliksik sa kongkretong kalagayan ng mamamayan sa iba't ibang saklaw at antas.

# PAGBUBUKAS NG TALAKAYAN

1. *Ilahad na malakolonyal at malapyudal ang lipunang Pilipino, at patampukin ang paglilinaw sa bagay na ito sa pamamagitan ng pagsusuri sa krisis ng lipunang malakolonyal at malapyudal at mga tampok na manipestasyon nito sa ekonomya, pulitika, patakarang panlabas at kultura. At, hindi mauunawaan ang katangian ng palagiang krisis kung hindi mauunawaan ang pagsusuri sa uri sa kasalukuyang balangkas ng lipunan. Pundasyon ang pag-unawa dito para matatag na maisulong ang rebolusyon sa wastong direksyon.*
2. *Idiin na:*
   - **a.** *ang wastong Marxista-Leninistang pagsusuri sa kasaysayan at kasalukuyang kalagayan ng Pilipinas ay isa sa pinakamahalagang tagumpay ng muling tatag na Partido sa pag-aangat ng kabuuang antas ng kaalamang teoretikal at pampulitika, gayundin ng rebolusyonaryong aktibidad, ng proletaryado at sambayanang Pilipino;*
   - **b.** *ang pagdududa ng ilang elemento sa Partido sa pagsusuring malakolonyal at malapyudal ang lipunang Pilipino ang naging batayan sa pagdududa sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan;*
   - **k.** *IDKP ang muling naglilinaw nito bilang matatag at wastong pagtataguyod sa rebolusyonaryong linya ng Partido.*
3. *Iugnay ang mga layunin ng pag-aaral sa kongkretong suliranin at karanasan ng mga mag-aaral laluna sa pagsasagawa ng panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa mga uri.*
4. *Ilahad ang balangkas ng paksa:*

**I. Krisis ng Lipunang Malakolonyal at Malapyudal**

- **A. Krisis sa Ekonomya**
- **B. Krisis ng Estadong Malakolonyal**
- **K. Krisis ng Kulturang Pilipino**
- **D. Krisis sa Relasyong Internasyunal**

**II. Mga Uri sa Lipunang Malakolonyal at Malapyudal**

1. **Ano ang mga prinsipyong gumagabay sa ating pag-iiba at pagkilala sa mga uri sa lipunan?**
2. **Ano ang pangunahing mga katangian ng malaking burgesya kumprador?**
3. **Ano ang pangunahing mga katangian ng uring panginoong maylupa?**
4. **Sino-sino ang mga uring pinagsasamantalahan at inaapi sa malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino?**
5. **Ano ang pangunahing mga katangian ng pambansang burgesya?**
6. **Ano ang pangunahing mga katangian ng petiburgesya?**
7. **Sinu-sino ang kabilang sa uring magsasaka?**
8. **Ano ang pangunahing mga katangian ng mayamang magsasaka?**
9. **Ano ang pangunahing mga katangian ng panggitnang magsasaka?**
10. **Ano ang pangunahing mga katangian ng maralitang magsasaka?**
11. **Ano ang pangunahing mga katangian ng proletaryado?**
12. **Ano ang malaproletaryado?**
13. **Ano ang lumpen-proletaryado?**
14. **Bakit natin binibigyan ng partikular na pansin ang mga espesyal na grupo sa lipunan?**
15. **Ano ang kalagayan ng mga mangingisda sa lipunan?**
16. **Ano ang kalagayan ng mga pambansang minorya sa lipunan?**
17. **Ano ang kalagayan ng mga setler sa lipunan?**
18. **Ano ang kalagayan ng kababaihan sa lipunan?**
19. **Ano ang kalagayan ng kabataan sa lipunan?**

# KATAWAN NG TALAKAYAN


## I. KRISIS NG LIPUNANG MALAKOLONYAL AT MALAPYUDAL

### 1. Bakit palagian at patuloy na lumalala ang krisis ng sistemang malakolonyal at malapyudal?

**MAHAHALAGANG PUNTO**

**a.** Ang malakolonyal at malapyudal na sistema ay isang panlipunang sistema na nasa palagiang krisis dahil sa pagpapahirap ng imperyalismo at katutubong pyudalismo.


**b.** Saligang patakaran ng imperyalismong US ang pagpigil sa pambansang industriyalisasyon at tunay na reporma sa lupa.




DRB 1 - DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN

**MUNGKAHING PARAAN SA PAGTUTURO**

*Gamitin ang* **Biswal EP-7a** *at* **Biswal EP-7b** *at* **Biswal DRB-1** *para repasuhin ang saligang katangian ng sistemang malakolonyal at malapyudal.*





EP 7a - MALAPYUDALISMO SA PILIPINAS




EP 7b - SISTEMANG MALAPYUDAL SA PILIPINAS

**k.** Lalong umiigting ang mga saligang kontradiksyon ng lipunang malakolonyal at malapyudal: ang kontradiksyon ng bansang Pilipino at ng imperyalismo, at ang kontradiksyon ng malawak na masa ng mamamayan at ng pyudalismo.

*Gamitin ang* ***Biswal Impe-3****. Ipakita ang kolonyal na kalakalan na siyang dahilan sa pagpigil ng imperyalismong US sa pambansang industrialisasyon at tunay na reporma sa lupa.*




IMPE 3 - EKSPORT NG KAPITAL

**d.** Mabibigyang-wakas ang palagiang krisis sa tagumpay ng bagong demokratikong rebolusyon – ang ganap na pagpapabagsak sa kapangyarihan ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo, sa pamumuno ng uring proletaryado.

*Gamitin ang* ***Timeline Uri–1*** *upang ipakita ang tumitinding krisis. Itanong sa mag-aaral kung bakit ang tagumpay ng bagong demokratikong rebolusyon ang tanging makakalutas sa krisis. Magdagdag ng paliwanag kung kailangan.*

## A. Krisis sa Ekonomya

### 1. Ano ang krisis ng malapyudal na ekonomyang Pilipino?

**a.** Nananatiling agraryo, pre-industriyal at atrasado ang ekonomyang Pilipino.

**b.** Ang imperyalismong US, malalaking burgesyang kumprador at panginoong maylupa ang pumipigil sa pag-unlad ng ekonomya para higit pang pagsamantalahan ang sambayanang Pilipino at magkamal ng mas malaking tubo at pakinabang.

*Talakayin nang tuluy-tuloy ang* ***Tanong 1-3.*** *Gamitin ang* ***Biswal EP-7b.*** *Tukuyin ang pinakamalalaking panginoong maylupa sa antas probinsya/larangan, ang lawak ng kanilang pag-aaring lupa at ang atrasadong produksyon dito ng mga magsasaka. Idagdag na kung mayroon mang sangay ng modernong industriya sa lugar, ito ay pag-aari ng imperyalista o malaking burgesya kumprador.*



EP 7b - SISTEMANG MALAPYUDAL SA PILIPINAS

**k**. Palaki nang palaki ang masang anakpawis na walang hanapbuhay — ang tinatawag na reserbang hukbo ng paggawa.

*Gamiting halimbawa ang kawalan ng lupaing masasaka sa lokalidad at kahirapang makakuha ng trabaho. Idagdag na kung may makuha mang trabaho, ito ay kalimitang kaswal at mababa ang sahod. Itanong kung may karanasan bang pumunta sa ibang lugar para magsaka o magtrabaho.*

## 2. Ano ang mga tampok na katangian ng mga pwersa sa produksyon sa malapyudal na ekonomyang Pilipino?

**a.** Lupang agrikultural ang pangunahing kagamitan sa produksyon.

**b**. Walang nakatayong mga industriya na makakagamit ng mga lokal na materyales para gumawa ng bakal, batayang kemikal, at mga produktong kapital. Iniimport pa mula sa ibang bayan ang bawat modernong makinang ginagamit sa alinmang sangay ng ekonomya—agrikultura, industriya o serbisyo.

**k.** Ang mga magsasaka, manggagawang bukid at manggagawang industriyal ang direktang prodyuser o lumilikha ng mga kalakal o produkto sa malapyudal na ekonomya. Sila rin ang bumubuo ng malaking mayorya ng pwersa sa paggawa at ng mga may hanapbuhay.

**d.** Napakaliit ng bilang ng proletaryadong industriyal.

*Gamitin ang* ***Apendiks Uri-1.*** *Mahusay na maisalin ito sa tsart.*

### 3. Ano ang mga tampok ng katangian ng mga relasyon sa produksyon sa malapyudal na ekonomyang Pilipino?

**a.** Ang malaking burgesyang kumprador ang pinakadominanteng uri sa malapyudal na lipunan. Bilang pangunahing ahente ng imperyalismo, ang uring ito ang naghahari sa sistemang kalakal at nagpapasya sa sistema ng produksyon at distribusyon.

**b.** Ang uring panginoong maylupa ang dominanteng uri sa kanayunan. Sila ang tagapamandila ng pinakaatrasado at pinakareaksyunaryong pyudal na relasyon sa produksyon at baseng sosyal ng paghaharing imperyalista.


**k.** Nakapailalim ang pambansang burgesya sa malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa. Hangad nila na maisulong ang pambansang industriyalisasyon at mahawakan ang primerang posisyon sa ekonomya, pero ginigipit sila ng mga dayuhang monopolyo, malaking kumprador at malaking panginoong maylupa.

**d.** Ibayong pagsasamantala ang dinaranas ng petiburgesyang lunsod lalo na sa paglala ng krisis sa lipunan.

**e.** Ang uring anakpawis ang dumaranas ng pinakamatinding pagsasamantala at pang-aapi sa malapyudal na lipunan. Ang mga magsasaka ay nakikibaka para sa tunay na repormang agraryo. Ang proletaryadong industriyal, ang pinakaprogresibong pwersa sa produksyon, ay naghahangad ng pambansang industriyalisasyon para mapalaki ang kanilang bilang at lakas.

*Gamitin ang* ***Biswal Uri-1*** *sa paglilinaw ng relasyon sa produksyon.*

*Humingi sa mga mag-aaral ng halimbawa ng mga umiiral na relasyon sa produksyon sa lokalidad para masapol ang malapyudal na katangian ng lipunan.*




URI 1 - MGA URI SA LIPUNANG PILIPINO

## B. Krisis ng Estadong Malakolonyal

### 1. Ano ang estadong malakolonyal?

**a.** Ang estadong malakolonyal o neokolonyal ay instrumento ng imperyalismong US sa pagpapatuloy ng di tuwirang kolonyal na paghahari nito sa Pilipinas. Ito ay:

- ang pinakamataas at pinakamalaking pampulitika at panlipunang organisasyon sa Pilipinas.

*Iparinig at talakayin ang* ***"Bulok na Estado."***

*Gamitin ang* ***Biswal MI-8*** *para ilinaw ang mga mapamwersang instrumento ng estado mula pambansa hanggang antas barangay.*

- ang magkasamang makauring diktadura ng mga lokal na naghahari uri — ang malaking burgesyang kumprador at ang uring panginoong maylupa.

**b.** Ang makauring katangian ng estado ay ikinukubli ng pormal na pagkakaroon ng mga kalayaang sibil, mga pormal na demokratikong proseso at institusyon. Sa panahon ng krisis at rebolusyon, nalalantad ang katangian ng estado bilang instrumento ng makauring pamumwersa na nagsisilbi sa imperyalismong US at lokal na mga naghaharing uri.




MI 8 - ANO ANG ESTADO?

*Ihalimbawa ang mga rehimeng Estrada at Arroyo para ipakita ang dalawang mukha ng estado.*

## 2. Paano naipagpapatuloy ng imperyalismong US ang dominasyon nito sa estadong neokolonyal?

**a.** Pagtiyak ng sariling mga base militar sa Pilipinas bilang kasangkapan sa patuloy na kontrol, dominasyon at agresyon dito.

**b.** Mahigpit at lubusang kontrol ng US sa AFP na siyang pangunahing sangkap ng malakolonyal na estadong Pilipino.

*Ilinaw ang naging papel ng mga base militar ng US sa Pilipinas. Ilinaw rin ang mga kasunduang VFA, ACSA at MLSA para sa pagpapatuloy nito.*

*Idiin ang pagkapapet ng AFP sa US. Ihalimbawa ang naging papel nito sa kontrarebolusyonaryong digma laban sa mamamayang Pilipino at sa mga digmang agresyon ng US laban sa mamamayan ng Korea, Byetnam, Iraq, atbp.*

## 3. Paano ginagamit ng malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa ang estadong neokolonyal?

**a.** Ang estado ay ginagamit ng malaking burgesya kumprador at panginoong maylupa para ipagtanggol at isulong ang kanilang interes sa moda ng produksyon at superistruktura ng malakolonyal at malapyudal na lipunan, hangga't umaayon ito sa interes ng imperyalismong US.

*Gamitin ang* ***Biswal MI- 8.*** *Maaaring magbigay ang mag-aaral ng pambansa at lokal na halimbawa ng mga mapayapang kilos-protesta o mga welga na ginamitan ng dahas-militar ng mga naghaharing uri.*

**b.** Kapag hindi tahasang sumasalungat sa interes ng naghaharing uri ang mga kahilingan ng uring manggagawa at magsasaka, lumilitaw ang estado bilang mainam na institusyong kumikilos ayon sa interes ng mamamayan. Kapag nagsasalungat ang interes ng pinagsasamantalahan at mapagsamantalang mga uri – kahit man lang sa welga o hayag na protesta – madaling lumilitaw ang katotohanang nagsisilbi ang mga mapamwersang aparato ng estado sa mga mapagsamantalang uri.

## 4. Paano patuloy na lumulubha ang krisis ng estadong malakolonyal?

**a.** Ang krisis sa ekonomya ay nagbubunsod ng malaganap na ligalig sa lipunan at pagtindi ng armadong rebolusyonaryong kilusan. Ang mga ito'y bumibitak sa estadong neokolonyal at nag-uudyok sa mga paksyon ng mga naghaharing uri na maglunsad ng matinding paglalabanan sa isa't isa.

*Ibigay na halimbawa ang mga nagtutunggaliang paksyon ng naghaharing uri (antas pambansa hanggang lokal) na umaabot sa armadong pagbabanggaan.*

**b.** Sa anumang mapagsamantalang lipunan, hindi lamang tagapagtanggol ng mapagsamantalang mga uri ang estado sa pangkalahatan. Sa partikular, kasangkapan din ito ng lumalakas o naghaharing paksyon ng reaksyunaryong uri para sa mas mabilis na pagkamkam ng kayamanan at kapangyarihang pulitikal, sa kapariwaraan ng iba pang paksyon at ng buong sambayanan.

**k.** Bagamat nagkakaisa at nagsasabwatan sa pagtatanggtol sa reaksyunaryong naghaharing sistema laban sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan, walang ganap na pagkakaisa sa pagitan ng mga uring malaking burgesyang kumprador at panginoong maylupa.

**d.** Ang mga kontradiksyon sa hanay ng mga reaksyunaryo ay ibayong naging marahas at mas mapangwasak sa naghaharing sistema.

## 5. Anu-ano ang maihahanay na mga tampok na panahon ng kaigtingan ng krisis sa kasaysayan ng estadong neokolonyal?

**a**. Ang unang mabigat na pagsubok ng estadong neokolonyal ay noong 1949 sa gitna ng malubhang krisis sa ekonomya bunga ng pagkasaid ng reserbang dolyar.

*Gamitin ang* **Timeline Uri-2** *Pansinin na sa bawat tampok na kaigtingan ng krisis, ang krisis sa ekonomya ay tumutungo sa krisis sa pulitika.*

b. Pagkatapos ng malakihang paggastos at malawakang pandaraya at terorismo sa eleksyon ng 1969 at muling pagkakahalal ni Marcos, ibayong lumala ang krisis sa ekonomya at pinansya.

k. Ibayong lumala ang krisis sa ekonomya mula katapusan ng dekadang 1970 bunga ng pagbagsak ng presyo at pagliit ng eksport ng hilaw na materyales.

d. Noong katapusan ng mga taong 1980, muling humambalos ang di karaniwang tindi ng krisis sa ekonomya at pinansya.

e. Mula 1997, pumutok ang pandaigdigang krisis sa ekonomya na pinakamalala mula pa ng Malaking Depresyon.

*Idugtong sa talakayan na ang pandaigdigang krisis sa ekonomya mula 1997 ay lumala at nagtulak sa pagtindi ng krisis ng lokal na naghaharing sistema at isa sa mga dahilan ng pag-aalsang nagpatalsik sa rehimeng Estrada.*

*Idiin na hindi nalutas ang krisis ng naghaharing sistema sa pagpalit ng rehimeng Macapagal-Arroyo.*

*Sumangguni sa mga pinakahuling pahayag ng Partido hinggil sa pambansang kalagayan.*

## K. Krisis ng Kulturang Pilipino

### 1. Saan nakabatay ang krisis ng kulturang Pilipino?

Ang kultura ay nakabatay at sumasalamin lamang sa ekonomya at pulitika, kaya ang krisis sa kultura ng lipunan ay nakabatay at sumasalamin lamang sa krisis sa ekonomya at pulitika ng malakolonyal at malapyudal na lipunan.

*Tuluy-tuloy na talakayin ang* **Tanong 1-5**. *Ilinaw na ang krisis sa kultura ay tunggalian ng kulturang kolonyal, dayuhan at pyudal laban sa umuusbong na rebolusyonaryong kulturang pambansa, syentipiko at makamasa.*

*Hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng kaugalian sa lokalidad na salungat sa rebolusyonaryong pag-iisip.*

### 2. Ano ang dalawang dominanteng pwersa sa kulturang Pilipino?


a. Ang US ang pinakadominanteng pwersa sa kulturang Pilipino. Pumapangalawa rito ang Simbahang Katoliko. Ang dalawang pwersang ito ang nagdadala sa dominanteng mga ideya at nagkokontrol sa mga dominanteng makinaryang pangkultura.

b. Pinalaganap ng imperyalismong US ang ideolohiya ng liberalismong maka-imperyalista at konserbatibo—na nagpupusturang demokrasyang liberal – para salungatin ang rebolusyonaryong nasyunalismo at ang progresibong liberalismo ng lumang demokratikong rebolusyon.

*Gamitin ang* **Biswal MI-9.** *Magbigay ng halimbawa kung paano ipinalaganap ng imperyalismong US ang ideolohiya ng liberalismong maka-imperyalista at konserbatibo.*

**k.** Namantini ng Simbahang Katoliko ang saligang pyudal na ideolohiya kasama ang nangibabaw na ideolohiya ng modernong imperyalismo. Sinasalamin ng pangingibabaw ng modernong ideolohiyang imperyalista sa ideolohiyang pyudal ang malapyudal na ekonomya at pulitika.

**d.** Ang imperyalismong US at ang Simbahang Katoliko ay nagtutulungan sa pagpapalaganap ng maka-imperyalista at reaksyunarong mga ideya at sa pagpapakintal ng magugulong paniniwala, ideyalismong pyudal at suhetibismong burges.



MI 9 - PANGINGIBABAW NG KULTURA NG MGA NAGHAHARING URI

*Magbigay ng kongkretong halimbawa ng idealismong pyudal at suhetibismong burges.*

## 3. Paano nagtutunggali ang antinasyunal at ang makabayang mga pwersa sa kulturang Pilipino?

**a.** Ginamit ng US ang *Cold War* para itumbas ang anti-imperyalismo sa komunismo. Ipinangtapat ng US at ng Pilipinong mga ahente nito sa kultura ang abstraktong liberal na konsepto ng karapatang indibidwal sa konsepto ng pambansang soberanya at sa konsepto ng Pilipinas bilang independyenteng pambansang estado.

**b.** Epektibong katulong ng imperyalismong US ang Simbahang Katoliko sa pagbubunsod ng kaisipang kolonyal at paninira sa anti-imperyalistang kilusan bilang pakanang komunista.

**k**. Noong dekada '60, sa kabila ng patuloy na pang-kulturang agresyon ng US, lumitaw ang bagong demokratikong kultura na may malakas na anti-imperyalistang nilalaman. Nanguna ang Marxismo-Leninismo sa malaking kilusang intelektwal at pangkultura.

*Ibahagi sa mga mag-aaral ang ilang anti-komunistang propaganda na ipinalaganap noong Cold War tulad ng, "pinapatay ng mga Komunista ang matatanda at ginagawang betsin ang buto para pakinabangan;" "ang maso ay pandurog sa ulo ng mga manggagawa, ang karet ay panggilit sa leeg ng magsasaka"; at "ang komunismo ay satanismo." Sa ngayon ginagamit ang "anti-terorismo" para supilin ang mga kilusang anti-imperyalista at pambansang pagpapalaya.*

**d.** Manipestasyon ng krisis sa sistemang pangkultura na maka-imperyalista at reaksyunaryo ang pagtalikod ng mga nakapag-aral sa antinasyunal na pangkulturang kontrol at impluwensya ng imperyalismong US gayundin ang pagdami ng mga progresibong relihiyoso na may paninindigang makabayan sa loob ng Simbahang Katoliko.

*Ipaliwanag na sa pag-unlad ng rebolusyonaryong kultura, ang panatikong anti-komunistang propaganda ay nakokontra, napapatunayang mali at napapawalang-saysay.*

## 4. Bakit itinutulak ng US at Simbahang Katoliko ang anti-syentipikong kultura?

**a.** Dahil salungat sa pambansang industriyalisasyon at gustong mapanatiling agraryo ang ekonomya ng Pilipinas, ang US ay hindi maaasahang maging balon ng syentipiko't teknolohikal na pagsulong para sa bayan.

**b.** Walang anumang programa ang sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas sa pagtataguyod ng mga pag-aaral sa saligang syensyang panlipunan.

**k.** Manipestasyon ng krisis sa kultura at lipunang Pilipino ang kapansin-pansing pagbaling sa pambansa-demokratikong kilusan ng mga estudyante at gradweyt sa kolehiyo. Nananawagan sila para sa naaangkop na edukasyon at radikal na transpormasyon ng lipunang Pilipino.

*Ipakita na ang sistemang pang-edukasyon ay nakadisenyo para magpanday ng mga teknokrata-burukrata at maramihang mura at maamong lakas-paggawa para sa interes ng imperyalismo sa loob ng bansa.*

*Ihalimbawa ang Green Revolution, high-yielding variety (HYV,) at genetically modified organism (GMO) bilang patunay na ang mga ipinalalaganap nilang syentipiko at teknolohikal na kaalaman, sa malaking bahagi ay para lamang sa kanilang makasariling interes at upang panatilihing agrikultural ang Pilipinas.*

*Ihalimbawa ang pakikibaka ng mga propesyunal at kabataan-estudyante para sa isang makabuluhan, makabayan, syentipiko at makamasang edukasyon. Magbigay ng halimbawa ng mga propesyunal na naglilingkod sa rebolusyonaryong kilusan.*

## 5. Bakit antimasa ang naghaharing kulturang kolonyal at malapyudal?

**a.** Nilikha ng imperyalismong US at Simbahang Katoliko ang malakolonyal at malapyudal na kultura para:

- Bigyang-matwid, gawing sagrado, lehitimo at maganda ang sistema ng pang-aapi at pagsasamantala;
- Disarmahan at ihele ang mga inaapi at pinagsasamantalahan at ipatanggap sa kanila ang kanilang mga kundisyon.

*Gamitin ang* ***Biswal MI-10*** *at* ***Biswal MI- 9.*** *Itanong kung ano ang karaniwang nilalaman ng mga programa sa radyo, telebisyon, sinehan, babasahin at karaniwang sermon ng pari. Iugnay ito sa silbi ng kultura para sa naghaharing uri.*




MI 9 - PANGINGIBABAW NG KULTURA NG MGA NAGHAHARING URI

**b.** Ipinagkakait nito sa milyun-milyong bata ang pagkakataong makapag-aral; karamihan sa kanila ay nakakaabot lamang hanggang ika-4 na grado, na di garantiyang matututo silang magbasa at magsulat.

**k.** Sa intelihensya nagririkrut ng pinakamahuhusay na personel sa kultura ang naghaharing uri. Pero ang higit na nakararaming mayorya sa kanila ay hindi makakaangat sa lipunan mula sa antas ng swelduhan tungo sa pagiging naghaharing uri. Sa panahon ng krisis, ang intelihensya ay may tendensyang umugnay sa masang anakpawis at pumuna at tumuligsa sa sistema ng pang-aapi at pagsasamantala.

**d.** Sa hangad na makuha ang kapangyarihang pampulitika, ang pinakaabanteng pwersa sa produksyon at pulitika – ang uring manggagawa – ay kinakatawan ng kanilang partido na may teorya at praktikal na programa na hindi lamang sumasaklaw sa mga layunin sa ekonomya at pulitika kundi pati sa layunin sa kultura.




MI 10 - REBOLUSYONARYONG TEORYA AT KULTURA SA PAGBABAGO NG LIPUNAN

*Ihalimbawa ang antas ng literasiya sa lokalidad.*

## D. Krisis sa Relasyong Internasyunal

### 1. Saan nakabatay ang krisis sa relasyong internasyunal ng Pilipinas?

Ang krisis sa relasyong internasyunal ng Pilipinas ay nakabatay at sumasalamin sa relasyon ng US bilang amo at ng Pilipinas bilang kliyenteng estado. Ang patakarang panlabas ng Pilipinas ay nakapailalim sa kapangyarihan ng patakarang panlabas ng US.

*Tuluy-tuloy na talakayin ang* ***Tanong 1-3****. Gamiting halimbawa ang posisyon ni Macapagal-Arroyo sa anti-teroristang panawagan at patakarang "globalisasyon" ng imperyalistang US.*

### 2. Ano ang pundasyon ng relasyong US-RP?

**a.** Ang pundasyon ng relasyong US-RP ay itinakda ng serye ng di pantay na mga tratado, kasunduan at batas.

**b.** Naipataw ng US ang di pantay na mga tratado at kasunduan sa Pilipinas at patakarang panlabas nito dahil:

- Ipinakita ng US ang sarili bilang "tagapagpalaya" ng bayan sa pananakop ng mga Hapones at tagapagbigay ng kalayaan sa Pilipinas;
- Nasamantala ang pagkawasak ng bayan at kahirapan ng mamamayan;
- Naikalat ang panatikong anti-komunistang propagandang "Cold War."

*Ilagay sa tsart ang tampok na mga tratado, kasunduan at batas na tinawag na "ispesyal na relasyon." Ilinaw na ang mga ito ang patunay ng mahigpit at ganap na kontrol ng US kapwa sa panloob at panlabas na mga patakaran ng Pilipinas.*

*Ihalimbawa na ang pakana para baguhin ang 1987 konstitusyon ng Pilipinas (chacha) ay naglalayong pahigpitin pa ang kontrol ng mga imperyalista sa bansa.*

### 3. Ano ang krisis sa Relasyong US-RP?

**a.** Ang krisis sa relasyong US-RP at sa buong relasyong panlabas ng Pilipinas ay ang patuloy na imposisyon ng US sa Pilipinas. Ito ay nagmumula sa mga kontradiksyon sa lipunang Pilipino na pinaghaharian ng US.

**b.** Desperado ang mga papet na rehimen para sa ayudang pang-ekonomya at militar mula sa US. Kaya't ginagawa ng mga ito ang lahat para mapanatili ang imperyalistang kapangyarihan sa Pilipinas, laluna ang mga pwersang militar nito, kahit na labag maging sa reaksyunaryong konstitusyon at mahigpit na tinututulan ng mamamayan.

*Ilinaw na ang programa ng Demokratikong Gubyernong Bayan sa relasyong panlabas ay sumusunod sa prinsipyo ng paggagalangan sa soberanya, kalayaan, integridad ng teritoryo, mutwal na pakinabang, at mapayapang paglutas ng tunggalian ng mga estado. Ipakita na ang patakarang ito ay salungat sa patakaran ng papet na rehimen.*

*Ihalimbawa ang mga pakikibaka ng mamamayan laban sa mga pang-ekonomyang patakarang idinidikta ng imperyalismong US sa pamamagitan ng APEC, GATT-WTO, at IMF-WB; ang malawakang pagtutol ng masa sa VFA at serye ng Balikatan Exercises.*


**Nota:** *Kung may pasilidad, ipalabas ang Powerpoint hinggil sa MLSA. Maari ring itanghal ang tulang "Kung Tuyo na Ang Luha Mo," o isang angkop na kanta (Panday Sining 5Awit ng Rebolusyonaryo).*

## II. MGA URI SA LIPUNANG MALAKOLONYAL AT MALAPYUDAL


### 1. Ano ang mga prinsipyong gumagabay sa ating pag-iiba-iba at pagkilala sa mga uri sa lipunan?

**a.** Ang katayuan ng tao sa ekonomya ang nagtatakda ng uring kanyang kinabibilangan. Ito ang pangunahing batayan sa pag iiba-iba at pagkilala sa mga uri. Pumapangalawang batayan ang paninindigang pampulitika.

*Gamitin ang **Biswal Uri-1** at mga **Biswal MI- 4** hanggang **Biswal MI- 6**. Ipaalala na ang mga uri ay malalaking grupo ng tao na magkakaiba ang katayuan sa isang sistemang pang-ekonomya na itinatakda ng kasaysayan.*



MI 5 - LIPUNANG PYUDAL



MI 4 - LIPUNANG ALIPIN



MI 6 - LIPUNANG KAPITALISTA

**b.** Para malaman ang katayuan sa ekonomya, kailangang alamin ang pusisyon sa sistema ng produksyon:

- Pag-aari/kontrol sa mga kagamitan sa produksyon at gaano ito kalaki.
- Papel sa produksyon–Lumalahok ba o hindi, esensyal ba ang paglahok?
- Parte o bahaging nakukuha mula sa produkto ng lipunan at ang pamamaraang ginagamit para maangkin ang bahaging ito.


**k.** Para malaman ang paninindigang pampulitika ng bawat uri, kailangang malaman kung sila'y:

- inaapi o nang-aapi;
- naghahari o pinaghaharian;
- sang-ayon sa rebolusyon o hindi.

**d.** Sa pana-panahon, may nagaganap na malalaking pangyayari na nagbubunga ng mga pagbabago sa uring kinabibilangan ng malaki-laking bilang ng tao o grupo ng tao.

**e.** Kailangang suriin sa pana-panahon ang uring kinabibilangan ng mga indibidwal. Pwedeng magbago ang uring kinabibilangan ng isang indibidwal o pamilya dulot ng pagbabago ng kanya o kanilang katayuang pang-ekonomya at paninindigang pampulitika.

*Idiin ang mga saligang batayan na nagtatakda sa uri ng isang indibidwal o pamilya.*




URI 1 - MGA URI SA LIPUNANG PILIPINO

## 2. Ano ang pangunahing mga katangian ng malaking burgesyang kumprador?

**a.** Nagmamay-ari at kumokontrol sa pinakamalalaki at pinakamahahalagang pasilidad pangkalakalan, pampinansya at panserbisyo na hindi direktang subsidyaryo ng mga empresang dayuhan. Hawak nila ang pinakamalaking konsentrasyon ng komersyanteng kapital.

**b.** Nagkakamal ng malaking tubo mula sa pagsasamantala sa lakas-paggawa ng mga manggagawa, pag-eeksport ng hilaw na materyales at pag-iimport ng mga yaring produkto.

**k.** Karamihan sa malaking burgesya kumprador ay malalaking panginoong maylupa rin.

*Gawing tsart ang **Apendiks Uri-2** at gamitin sa pagtalakay ng mga uri kasama ang **Biswal Uri-1.***

**d.** Sila ang pinakamabagsik na nagtataguyod sa pagpapanatili at pagpapatindi ng imperyalistang paghahari sa lipunang Pilipino.

*Ipatukoy sa mag-aaral ang malalaking burgesya kumprador sa kanilang lugar at ang mga batayan nito (rehiyon/probinsya).*

**e.** Kabilang sa malaking burgesyang kumprador ang mga manidyer at abugado ng malalaking korporasyon, malalaking akawntant, mga huwad na lider-obrero, mga intelektwal na mataas ang sweldo at tuwirang naglilingkod sa malaking burgesyang dayuhan at lokal, at ang mga pangunahing burukratang kapitalista.

## 3. Ano ang pangunahing mga katangian ng uring panginoong maylupa (PML)?


**a.** Sila ang nagmamay-ari ng malalawak na lupaing agrikultural. Hindi sila lumalahok sa esensyal na paggawa at pinagsasamantalahan nila ang masa unang-una sa pamamagitan ng pagsingil ng napakataas na upa sa lupa. Nagpapautang sila ng pera sa interes na usurero, umuupa ng manggagawa o di kaya'y namimilit na pagsilbihan sila ng kasama at pamilya nila, bilang isang porma ng tributo.

**b.** Kabilang din sa PML ang sumusunod:

- mga nangungupahan o konsesyunero sa malalawak na lupaing pag-aari ng reaksyunaryong gubyerno, mga panginoong maylupang nagmamay-ari ng bangko, simbahan, iskwelahan, o nakatira sa ibang lugar;
- mga manidyer at tagalako ng mga huwad na kooperatibang agrikultural;
- mga pangunahing engkargado ng mga PML sa pangungulekta ng upa sa lupa o administrador ng malalawak na lupain nila na nabubuhay ng mas mabuti kaysa gitnang magsasaka;
- mga usurero na umaasa sa usura bilang pangunahing hanapbuhay at mas mabuti ang kabuhayan kaysa karaniwang gitnang magsasaka;
- mga may-ari ng makinarya (kono, traktora at iba pa) na sumisingil ng sobra-sobrang bayad na butil o salapi.
- mga kontratista sa paggawa at lokal na maton na mas nakakaluwag ang kabuhayan kaysa gitnang-panggitnang magsasaka.

*Gamitin ang* ***Biswal Uri-2.*** *Magbigay ng mga kasong pinag-aralan (case study) hinggil sa mga katangian ng PML.*

*Ipatukoy sa mag-aaral ang mga panginoong maylupa sa kanilang lugar at ang mga batayan nito.*




URI 2 - MGA URI AT SARAY SA KANAYUNAN

**k.** Para sa layuning taktikal, pag-ibahin ang uring PML sa:

- malaki, panggitna at maliit;
- kung nasa awtoridad o wala;
- kung despotiko o hindi.

Pangunahing target sa rebolusyon ang PML na malaki, nasa awtoridad at despotiko.

**d.** Idiin na ang uring panginoong maylupa ay:

- Naghahari sa kanayunan at pangunahing balakid sa pag-unlad ng bayan sa pulitika at kultura.
- Marahas na lumalaban sa demokratikong rebolusyong bayan.

Nasa serbisyo nila ang reaksyunaryong militar, ang mga hukuman at bilangguan ng reaksyunaryong estado.

## 4. Sinu-sino ang mga uring pinagsasamantalahan at inaapi sa malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino?

Ang di hamak na malaking mayorya ng mamamayang Pilipino ay kabilang sa mga uring pinagsasamantalahan at inaapi:

**a.** ang mga manggagawa at magsasaka na bumubuo ng mahigit 90% ng populasyon

**b.** ang petiburgesyang lunsod na bumubuo ng mga 7%-8% ng populasyon.

**k.** ang pambansa o panggitnang burgesya (1-2% ng populasyon), bagamat may pag-aaring kapital at nagsasamantala sa mga manggagawa ay ginigipit ng imperyalismo, malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa.

*Buksan ang paksa sa pamamagitan ng tulang **"Ang Mga Kaibigan"** ni Wilfredo Gacosta.*

*Ipakita na ang 1% ng naghaharing uri ay nagsasamantala sa 99% ng sambayanan.*

## 5. Ano ang pangunahing mga katangian ng pambansang burgesya?

**a.** Ang pambansang burgesya ay binubuo ng mga negosyanteng interesado sa "makabansang industriyalisasyon." Matatagpuan sila sa maliliit, katamtaman at "intermedyang" mga industriyang nakaasa sa pag-import ng hilaw na materyales, sangkap at kagamitan. May-ari sila ng malaki-laking mga pabrika

*Magbigay ng mga halimbawa ng kasong pinag-aralan ng mga kabilang sa pambansang burgesya at kung papano sila pinakitunguhan.*

at makinarya sa paggawa ng mga produktong pangkonsumo. Hindi sila nagtatrabaho, pero sila ang tuwirang nangangasiwa sa kanilang negosyo. Kumikita sila ng tubo mula sa pagsasamantala sa mga manggagawa nila.

**b.** Mabuway ang paninindigang pampulitika ng pambansang burgesya. Dahil may dalawahang katangian ang katayuan nila sa ekonomya, dalawahan din ang katangian ng paninindigan nila sa pampulitika:

- Ang kaliwang panig ay labis na inaapi ng imperyalismo at laging namimiligrong mabangkrap. Maaari silang sumama sa rebolusyon sa ilang panahon. Maaari nilang mahatak sa rebolusyon ang gitnang panig at pangibabawan ang kanang panig ng pambansang burgesya.
- Ang kanang panig ay madaling bumaling sa kontra-rebolusyon dahil takot sila sa masa at mahigpit silang nakakapit sa malaking burgesya.

**k.** Dapat maging maingat tayo sa pakikitungo sa dalawahang katangian ng pambansang burgesya. Kailangang makipagkaisa batay sa katangian nilang anti-imperyalista, pero makipagtunggali rin batay sa katangian nilang reaksyunaryo.

## 6. Ano ang pangunahing mga katangian ng petiburgesya?

**a.** May sapat-sapat silang kabuhayan sa pagmamay-ari ng kaunting kasangkapan sa produksyon o kaya'y sa pagkakaroon ng espesyal na kasanayan o kakayahan. Ginagamit nila ang mga ito upang magsarili sa produksyon o kaya'y makatanggap ng mainam-inam na sweldo. Lumalahok sila sa produksyon at nagbibigay ng mahalagang serbisyo sa lipunan. Pinagsasamantalahan at inaapi sila ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

**b**. Kabilang sa petiburgesya ang malawak na mayorya ng mga intelektwal tulad ng mga titser, kabataang estudyante, propesyunal na maliit ang kita, kawani at mababang upisyal ng gubyerno, maliit na negosyante, ekspertong tagayaring-kamay, kontratistang karpintero, mangingisdang may sariling bangkang de motor at sanay na manggagawang mataas ang sahod.

*Ipatukoy sa mag-aaral ang mga petiburgesya mula sa kanilang lokalidad ayon sa kanilang pagsusuri sa uri. Ipasalaysay kung paano sila pinagsasamantalahan at inaapi.*

*Idiin ang kahalagahan ng pag-oorganisa sa hanay ng petiburgesya at ang pangangailangan ng marami pang mga estudyante at intelektwal para sa armadong pakikibaka.*

**k.** May tatlong antas ng petiburgesya batay sa laki ng kita:

- nakatataas na antas na may sobrang kita;
- panggitna na sapat-sapat ang kita;
- nakakababa na kulang ang kita at pinakamalaking bahagi ng petiburgesya.

**d.** Progresibo at mapagkakatiwalaang alyado ng proletaryado ang petiburgesya. Tumutulong at lumalahok sila sa rebolusyon. Mapagpasya ang kanilang suporta para pakilingin ang timbangan ng lakas sa panig ng rebolusyon. May kani-kanilang paninindigang pampulitika ang bawat antas ng petiburgesya.

**e.** Kailangan silang patnubayang mabuti ng proletaryong rebolusyonaryo dahil sa tendensyang maging suhetibista, indibidwalista, mapusok, at matatakutin naman sa mga kalagayang gipit.

## 7. Sinu-sino ang kabilang sa uring magsasaka?

Ang lahat ng kabilang sa uring magsasaka ay nagbubungkal ng lupa. Ang uring ito ang pangunahing pwersa sa produksyon ng pambansang ekonomya. May tatlong saray ito: ang mayamang magsasaka, panggitnang magsasaka at maralitang magsasaka.

## 8. Ano ang pangunahing mga katangian ng mayamang magsasaka?

**a.** Ang mga mayamang magsasaka ay may sobrang lupang sarili o inuupahan. Binubungkal nila ang bahagi ng lupang ito at ipinabubungkal ang iba pang bahagi. Mas marami at mas mahusay ang kanilang kagamitang pansaka at mga hayop na pantrabaho. Mas marami silang kapital na magagamit sa pagpapabuti ng ani, at pagpapaunlad ng kanilang sakahan. Kumikita sila ng butil o salaping labis sa kanilang gastos taun-taon. Nagmumula ang malaking bahagi sa sariling trabaho. Tatlumpu hanggang limampung porsyento (30-50%) naman ng kita nila ay mula sa pagsasamantala.

*Gamitin ang **Biswal Uri-2.** Magbigay ng kasong pinag-aralan sa pagsusuri ng mayamang magsasaka.*


*Ilinaw na sa pangkalahatan ay hindi nasasamantala ng uring panginoong maylupa ang mayamang magsasaka kahit nagbabayad siya ng upa sa lupa at interes sa usura. Ang ibinabayad niya sa panginoong maylupa ay galing sa pagsasamantala sa lakas paggawa at pag-uusura sa nakabababang saray ng magsasaka at manggagawang bukid.*

*Magbigay ng ilang halimbawa sa pagsuporta o pagsama nila sa mga pakikibakang antipyudal, antipasista o anti-imperyalista.*

b. Tinatawag din silang burgesya sa kanayunan dahil sa pagtataguyod nila sa maliitang-saklaw na kapitalismo sa kanayunan. Kinakatawan ng mayamang magsasaka ang malapyudalismo sa mga baryo dahil magkasanib na itinataguyod nila ang lumang relasyong pyudal at ang bagong relasyong kapitalista.

k. Ang mayamang magsasaka ay maaaring mapasuporta sa pakikibakang anti-pasista at anti-imperyalista at maaari silang mapanatiling nyutral sa rebolusyong agraryo laban sa panginoong maylupa.

d. Maaaring maging PML ang mayamang magsasaka kapag naging tuta o tauhan ito ng despotikong panginoong maylupa laban sa rebolusyonaryong magsasaka.




URI 2 - MGA URI AT SARAY SA KANAYUNAN

## 9. Ano ang pangunahing mga katangian ng panggitnang magsasaka?

a. Ang mga panggitnang magsasaka ay may lupang sarili o inuupahan na nakakatustos humigit-kumulang sa kanilang pangangailangan. May sapat silang kagamitang pambukid, salapi para sa mga gastos sa pagsasaka, at kahit isang kalabaw man lamang. Pangunahing sa sariling paggawa sila umaasa para magkaroon ng sapat na kita.

b. May tatlong antas ang panggitnang magsasaka. Magkakaiba rin ang tendensya sa pulitika ng tatlong antas:

- Nakatataas na panggitnang magsasaka – 15-30% ng buong kita ay galing sa pagsasamantala. Nag-aambisyong maging mayamang magsasaka at kumikiling sa paninindigang pampulitika ng mga iyon;
- Gitnang-panggitnang magsasaka – hanggang 15% sa buong kita ang galing sa pagsasamantala. Kung maluwag ang kalagayan, may tunguhing pumanig sa opinyon ng nakatataas at mayamang magsasaka. Sa panahon ng krisis at pagsulong ng rebolusyon, madaling pumanig sa nakakababang panggitnang magsasaka at maralitang magsasaka;
- Nakabababang panggitnang magsasaka – hanggang 25% ng buong kita ay galing sa pagbebenta ng sariling lakas-paggawa. Matatag na lumalahok sa rebolusyon.

*Gamitin ang **Biswal Uri-2**. Magbigay o humingi ng mga kasong pinag-aralan mula sa lokalidad para sa bawat antas ng panggitnang magsasaka.*

*Idiin kung paano pinakikitunguhan ang panggitnang magsasaka batay sa linyang antipyudal.*

**k.** Maaasahan silang alyado ng proletaryado at mahalagang pwersang pampakilos sa dalawang-yugtong rebolusyong Pilipino. Ang pagsalungat o pagsang-ayon sa rebolusyon ng panggitnang magsasaka ay isang mapagpasyang salik sa tagumpay o pagkatalo hindi lamang sa kanayunan kundi maging sa buong bayan.

## 10. Ano ang pangunahing mga katangian ng maralitang magsasaka?

**a** Karaniwang wala silang sariling lupa at nakikisama lamang sa panginoong maylupa. Magkaroon man ang ilan sa kanila, balewala ito kung ihahambing sa kanilang pangangailangan. May ilan silang simpleng kagamitang pansaka. Nanghihiram sila o kaya'y umuupa ng kalabaw na pantrabaho.

**b.** Dumadanas sila ng pagsasamantalang pyudal sa regular na pagbabayad ng upa sa lupa, sa pandaraya ng mga PML sa kwenta ng gastos sa pagsasaka at usura. Para madagdagan ang kita, kailangan nilang gumawa ng iba pang ikabubuhay. Dalawampu't lima hanggang limampung porsyento (25-50%) ng buong kita nila ang nagmumula sa pagbebenta ng sariling lakas-paggawa.

**k**. Kasama ang manggagawang bukid, binubuo ng maralitang magsasaka ang 75% - 80% ng populasyon sa kanayunan. Ang maralitang magsasaka ay isang likas at mapagkakatiwalaang alyado ng proletaryado sa rebolusyon. Sila at ang panggitnang magsasaka ang bumubuo ng pangunahing lakas ng rebolusyon.

**d**. Sa esensya, isang gerang magsasaka ang demokratikong rebolusyong bayan. Ang uring magsasaka ang pangunahing pwersa nito, ang suliranin sa lupa ang pangunahing suliranin, at ang uring magsasaka ang pangunahing pinagmumulan ng mga Pulang mandirigma. Ang saligang alyansa ng manggagawa at magsasaka ang pundasyon ng pagsulong ng rebolusyon tungo sa tagumpay.

*Magbigay ng halimbawa mula sa panlipunang pagsisiyasat sa lokalidad sa mga katangian ng maralitang magsasaka at manggagawang bukid.*

*Magbigay ng kasong pinag-aralan hinggil sa istruktura ng mga uri sa isang baryo mula sa panlipunang pagsisiyasat.*

*Awitin ang* ***"Tano."***

***Nota:*** *Mas mainam kung may case study ng mayaman at panggitnang magsasaka na mayroong kompyutasyon ng arawang oras ng paggawa.*

## 11. Ano ang pangunahing mga katangian ng proletaryado?

**a.** Ang proletaryado ay walang anumang pag-aaring kasangkapan sa produksyon. Para mabuhay, kailangan nilang magbenta ng sariling lakas-paggawa sa kapitalistang may-ari ng kasangkapan sa produksyon. Pinagsasamantalahan sila ng mga kapitalista sa pamamagitan ng pwersahang paglikha ng sobrang halaga kapalit ng napakababang sahod.

**b.** Kinakatawan ng proletaryadong industriyal —ang pinakamaunlad na mga pwersa sa produksyon, modernong makinarya at malakihang produksyon at pinakamaunlad na sistema ng produksyon ang sosyalismo sa buong daigdig.

**k.** Ang proletaryado ang pinakapuspusan at pinakamasugid na rebolusyonaryong pwersa. Sa pagrerebolusyon, walang mawawala sa kanila kundi ang tanikala ng pagkaalipin.

**d.** Sila ang pinakakonsentradong uri sa lipunan. Araw-araw, sama-sama at maramihan silang gumagawa. Malakas ang pandama nila sa disiplina at organisasyon.

**e.** Sila ang tagapamandila ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Sila ay may Partido Komunista ng Pilipinas na siyang kumakatawan sa makauring pamumuno ng proletaryado sa rebolusyon.

*Kung may manggagawa o nakaranas na maging manggagawa sa mga mag-aaral, maaaring ipalarawan sa kanya ang buhay at pamumuhay ng manggagawa. Iugnay ito sa diskusyon.*

*Idiin ang mga batayan kung bakit ang proletaryado ang namumuno sa rebolusyon.*

*Maaaring iparinig ang tulang* ***"Bayani"*** *ni Amado V. Hernandez.*

## 12. Ano ang malaproletaryado?

**a.** Ang malaproletaryado ay isang kalipunang inianak ng sistemang malakolonyal at malapyudal. Maraming tao ang walang hanapbuhay o kulang ng hanapbuhay dahil atrasado ang kanayunan at bansot ang industriya sa bayan. Sila ay binubuo ng masa ng manggagawang bukid, maralitang magsasaka, nakabababang panggitnang magsasaka at mga wala o kulang ng hanapbuhay.

**b**. Wala o halos wala silang pag-aaring kagamitan sa produksyon, at handa silang ibenta ang sariling lakas-paggawa pero wala silang mapasukan. Sila ang reserbang hukbo ng paggawa ng industriya. Naghihirap sila dahil sa kawalan ng pag-aari, di sapat na pasahod, di-regular at kulang na kita, at kawalan ng seguridad sa trabaho.

*Idiin na ang malaproletaryado ay hindi bahagi o saray ng proletaryado. Ngunit sa mga lunsod at sentrong bayan, ang malaproletaryado ay silang matagal nang nabubuhay at naninirahan sa ganoong paraan. Magbigay ng halimbawa, mula sa lokalidad ng mga mag-aaral, ng iba'tibang pinagkakakitaan ng malaproletaryado.*

*Ilinaw na ang malaproletaryado ay kalipunang mawawala sa tagumpay ng rebolusyong Pilipino dahil sa pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon.*

**k.** Kabilang sa kalipunang ito ang maliliit na tagayaring-kamay, maliliit na maglalako, maliliit na litratista, karpintero, maralitang mangingisda, kargador sa palengke, tsuper ng dyip at traysikel at iba pa.

**d.** Isang pwersang napapakilos sa rebolusyong Pilipino ang malaproletaryado. Handa silang makibaka laban sa mga pambansa't makauring kaaway ng sambayanang Pilipino.

## 13. Ano ang lumpen-proletaryado?

**a.** Ang lumpen-proletaryado ay bunga ng matinding suliranin sa kawalan ng hanapbuhay sa kanayunan at kalunsuran. Nabubuhay sila sa mga gawaing antisosyal.

**b.** Ang lumpen-proletaryado ay hindi uri na nakikilala sa papel nito sa produksyon. Ang kalipunang ito ay hindi bahagi o saray ng proletaryado. Ang "proletaryado" ay tumutukoy lamang sa katangian nito na walang pag-aaring kagamitan sa produksyon.

**k.** Mabuway ang mga lumpen-proletaryado. Madali silang mabili ng kaaway at pwedeng maging mapanira. Pero ang ilan ay pwedeng magbago. Maaari silang lumahok sa rebolusyon basta't maingat na nasusubaybayan.

*Itanong sa mag-aaral kung ano ang mga gawaing anti-sosyal na nakikita sa lokalidad o sa kalunsuran. Ipaliwanag na ito ay mga gawaing hindi kusang-loob na pinili ng lumpen-proletaryado na itinuturing na latak at basura ng kasalukuyang lipunan.*

*Ipaalam na marami ring mga kasama ang galing sa lumpen-proletaryado, na nakapagpanibagong-hubog, naging tapat sa Partido at naging magiting na mandirigma.*

*Ilinaw na ang lumpen-proletaryado ay kalipunang mawawala sa tagumpay ng rebolusyon.*

## 14. Bakit natin binibigyan ng partikular na pansin ang mga espesyal na grupo sa lipunan?

Mahalagang bigyan ng partikular na pansin ang espesyal na grupo sa lipunan dahil may partikular silang mga pangangailangan at takdang mga papel sa rebolusyon. Tumatagos at hindi labas sa mga uri sa lipunang Pilipino ang mga grupong ito. Sila ang mga mangingisda, pambansang minorya, setler, kababaihan at kabataan.

## 15. Ano ang kalagayan ng mga mangingisda sa lipunan?

**a.** Ang mga mangingisda ay malaking grupo sa lipunan sa Pilipinas, na isang pulu-pulong bayan. Ang pangingisda ay dagdag na hanapbuhay ng masang magsasaka. Ang mga buong-panahong mangingisda ay mahahati sa tatlong saray: ang mayaman, panggitna at maralitang mangingisda.

*Balikan ang mapa ng Pilipinas. Ilarawan ang malawak, mahabang baybayin (pang-apat sa daigdig), mayamang karagatan at buong panahong pangisdaan nito na dinarambong ng mga dayuhang barkong pangisda at mga barkong pagawaan (factory ships). Idiin na ang yamang ito ay hindi pinakikinabangan ng mamamayang Pilipino.*

**b.** Sila ay pinagsasamantalahan ng mga kapitalistang US at Hapon; ng mga panginoong maylupa; ng mga lokal na kapitalista sa pangisda; at ng mga abusadong upisyal ng reaksyunaryong gubyerno. Kapag nagtatrabaho sa mga mayamang mangingisda at kapitalista sa pangisda, pinagsasamantalahan sila sa pamamagitan ng mababang sahod o hati sa huli.

**k.** Mapapakilos sila, laluna ang mga panggitna at maralitang mangingisda, para sa demokratikong rebolusyong bayan.

**d.** Mahalaga ang papel nila sa pag-uugnay ng mga rebolusyonaryong pwersa sa iba't-ibang isla, paghahakot ng mga pangangailangan sa rebolusyon, pagtatanggol sa mga pulo, at pagpapakain sa mamamayan. Mapapaunlad nila ang teorya at praktika ng digmang bayan sa pamamagitan ng pagsusulong sa pakikidigma sa tubig.

*Magbigay ng mga halimbawa ng mga kalakarang umiiral sa mga pangisdaan sa lokalidad. Idiin ang pangangamkam ng mga baybaying dagat, pagbabawal sa maliliit na mangingisda, ang mga mapagsamantalang relasyon sa sahod o partihan at ang pagbubuwis o pagdidilihensya ng lokal na pamahalaan.*

*Magbigay ng lokal na mga halimbawa kung paano natin ginagamit sa digmang bayan ang karagatan.*

## 16. Ano ang kalagayan ng mga pambansang minorya sa lipunan?

**a.** 14% ng populasyon ng Pilipinas ay mga pambansang minorya. Lubha silang pinapabayaan at inaabuso ng reaksyunaryong gubyerno. Biktima sila ng sobinismong Kristyano at Malayo at pang-aapi ng mga reaksyunaryo. Kinakamkam ng reaksyunaryong gubyerno, dayuhang mga korporasyon at mga panginoong maylupa ang kanilang lupa.

**b**. Kinikilala ng Partido ang kanilang karapatang magkaroon ng sariling identidad at magpasya sa sarili.

**k.** Ang paglahok nila sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka ay mahalaga para isulong ang pakikidigmang gerilya at maitayo ang mga baseng bukid.

*Sa mga lugar na may pambansang minorya, mainam na ang mga mag-aaral ang maglarawan sa kalagayan ng mga pambansang minorya.*

*Ipakita ang pambansang pang-aapi ng reaksyunaryong gubyerno sa mga programa upang kamkamin ang lupain ng pambansang minorya, at ikulong sila sa mga "reserbasyon" tulad ng Indigenous People's Rights Act (IPRA), Integrated Forest Management Acgreement (IFMA), Mining Act, mga programa sa eko-turismo at iba pa.*

*Ilinaw ang patakaran ng Partido kaugnay sa mga pambansang minorya.*

## 17. Ano ang kalagayan ng mga setler sa lipunan?

**a.** Ang mga setler ay mga magsasakang nawalan ng lupa at naitaboy sa mga lugar na magubat at bulubundukin.

**b**. Sa simula, mayroon silang napupwestuhan at nabubungkal na sariling lupa sa mga interyor. Pero pagkatapos, pinipigilan sila ng reaksyunaryong gubyerno na magkaroon ng pormal na titulo sa lupa hanggang sa tuluyan na silang maitaboy.

**k.** Biktima sila ng pangangamkam ng lupa, usura, pananalasa ng mga bandido at kapabayaan ng reaksyunaryong gubyerno.

**d.** Nasa kalupaang angkop sa pakikidigmang gerilya ang mga setler.

*Magbigay ng mga lokal na halimbawa. Ipakita na mas mahirap ngayon ang magbukas ng mga kagubatang paborable sa pagtatanim dahil sa pagkaubos ng mga prontera at pangangamkam ng uring panginoong maylupa sa mga dating nabuksan.*

*Ihalimbawa ang mga programa ng reaksyunaryong gubyerno tulad ng Mining Act 1995, Communal Tree Farming (CTF), Land Stewardship, reforestation at eco-tourism para kamkamin ang lupaing ginawang produktibo ng mga setler.*

## 18. Ano ang kalagayan ng kababaihan sa lipunan?

**a.** Kababaihan ang kalahati ng populasyon ng Pilipinas. Kabilang ang karamihan sa kanila sa mga uring pinagsasamantalahan at inaapi. Dagdag sa makauring pang-aapi, biktima rin sila ng pang-aapi ng kalalakihan.

**b.** Dapat silang kilanlin bilang isang mahalagang grupo sa lipunan na makagaganap ng pangkalahatan at espesyal na mga tungkulin sa rebolusyon.

**k.** Ang paglahok ng kababaihan sa pakikibaka ng mga uring pinagsasamantalahan at inaapi ang magpapalaya sa kanila mula sa katayuang hinahamak at mababa.

*Song analysis.* ***Babae** o **Martsa ng Kababaihan***

*Ipalarawan sa mag-aaral ang kalagayan ng kababaihan sa lokalidad.*

*Magbahaginan kaugnay ng karaniwang pinoproblema sa pagpapakilos sa hanay ng kababaihan at paano ito nilulutas. Magdagdag ng paglilinaw kung kailangan.*

## 19. Ano ang kalagayan ng kabataan sa lipunan?

**a.** Malaking bahagi ng ating populasyon ang kabataan. Kabilang sa mga uring manggagawa at magsasaka ang mayorya sa kanila.

**b.** Dapat bigyan ng partikular na pansin ang pagpapasigla ng kanilang partisipasyon sa rebolusyon. Ito ang titiyak sa patuloy na paglitaw ng mga tagapagpatuloy at reserba ng rebolusyonaryong kilusan.

*Ipalarawan sa mag-aaral ang katangian at kalagayan ng kabataan sa ilalim ng kasalukuyang lipunan. Sa lipunang ito, hindi mapaghahandaan ng mga kabataan ang kanilang mahusay na kinabukasan. Itinakda ng lipunan ang malaking kakulangan sa edukasyon, sa kalusugan, sa paghuhubog ng kanilang katawan at kaisipan, sa lupang maaari nilang sakahin at sa industriyang maari nilang mapasukan.*

**k.** Kailangang alagaan ng mga kadreng may edad ang mga kabataang rebolusyonaryo, at ibahagi sa kanila ang naipong mga karanasan. Ang kabataan naman ay dapat matutong makiisa sa mga kadreng may karanasan at may edad.

*Ilagay sa istrip ang pangungusap ni Kasamang Mao :* **"Kabataan, ang daigdig ay sa inyo at sa amin, ngunit kung tutuusin ito ay sa inyo. Kayong kabataan ay puno ng lakas at sigla na nasa kasibulan ng buhay tulad ng araw sa ikawalo o ikasiyam ng umaga. Ang aming pag-asa ay nasa inyo. Ang daigdig ay sa inyo. Ang hinaharap ng bayan ay sa inyo."**

*Awitin at iparinig ang "***Anak ng Bayan"** *(track 2, Musika ng Bayan) bilang panapos sa paksa.*

## PAGSASARA NG TALAKAYAN


1. *Balikan ang balangkas ng paksa at sumahin ang mga pangunahing puntong nailinaw.*

2. *Tayain kung nakamit ang mga layunin.*

3. *Itanong kung paano nakatulong ang pag-aaral sa pagsapol sa kahalagahan ng panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa mga uri.*

# MGA TAMPOK NA KATANGIAN NG MGA PWERSA SA PRODUKSYON SA MALAPYUDAL NA EKONOMIYANG PILIPINO

**1. Lupang agrikultural ang pangunahing kagamitan sa produksyon.**




- 13M ektarya, ang kalakhan ay ginagamitan ng atrasadong paraan ng pagsaka.

- 90.4% - tinatamnan ng palay, mais, at niyog – ginagamitan pa rin ng lakas-tao, kagamitang de-mano, araro at mga hayop pansaka.

- hanggang 4% ang ginagamitan ng mga traktora at iba pang makinaryang pansaka
- hanggang 7% ang malalaking plantasyon ng tubo, saging at mga bagong pang-eksport , kung saan gumagamit ng mga traktor at kemikal na abono at pestisidyo, laganap pa rin ang paggamit ng lakas-tao at mga makalumang kagamitang pansaka.

**2. Walang nakatayong mga industriya na makakagamit ng mga lokal na materyales para gumawa ng bakal, batayang kemikal, at mga produktong kapital. Iniimport pa mula sa ibang bayan ang bawat modernong makinang ginagamit sa alinmang sangay ng ekonomya — agrikultura, industriya o serbisyo.**




- 1/3 0 33% lamang ng kabuuang produkto ng ekonomya ang nagmumula sa sektor ng industriya; 1/4 nito ay nagmula sa manupaktura , na nakasalig din sa import
- imported ang malaking bahagi o 85 % ng mga kasangkapang demano; ang 15% na gawang lokal ay ginagamitan naman ng imported na bakal at iba pang metal.

- Nakasalig din sa kagamitang imported ang sektor sa serbisyo: komunikasyon, transportasyong publiko, pag-iimbak, kalakalan at bangko, libangan, serbisyo publiko, atbp.

**3. Ang mga magsasaka, manggagawang bukid at manggagawang industriyal ang direktang prodyuser o lumilikha ng mga kalakal o produkto sa malapyudal na ekonomya.**



- Gamitin ang table sa p. 251 ng teksto.
- Direktang prodyuser: 75% - magsasaka; 25% manggagawang industriyal
  - tatlong magsasaka at manggagawang bukid sa bawat isang manggagawang industriyal

**4. Napakaliit ng bilang ng proletaryadong industriyal.**



- 1990: 3.5M manggagawang industriyal; 6% lamang ito ng populasyon ng Pilipinas
- Patuloy na lumiliit ang porsyento ng manggagawang nasa manupaktura kumpara sa manggagawa sa pagmimina, pagtotroso, konstruksyon at utilities:
  - 1960 - 80%
  - 1990 - 64%, kalahati lamang nito ang nagtatrabaho sa mga empresang may 200 o mahigit pang manggagawa; 80% sa mga diumanong empresa sa manupaktura ay mga maliliit na talyer na hindi lumalampas sa 10 ang manggagawa.

# MGA **URI** SA **LIPUNANG PILIPINO**

| | **Pag-aari** at **Kontrol** sa **Kasangkapan** sa **Produksyon** (KsP) | **Posisyon / Partisipasyon** sa **Produksyon** | **Parte** sa **Kita** at **Paano** ito **Nakukuha** | **Paninindigang Pampulitika** |
|---|---|---|---|---|
| **MALAKING BURGESYA KUMPRADOR**  | Pinakamalalaki at pinakamahahalagang pasilidad pangkalakalan (import -eksport), pampinansya at panserbisyo.<br><br>Komersyanteng kapital. | Pinakamalaking ahenteng lokal ng mga monopolyo kapitalistang dayuhang nagnenegosyo rito. | Pinakamalaking tubo mula sa pagsasamantala sa lakas-paggawa ng mga manggagawa, pag-eeksport ng hilaw na materyales, at pag-iimport ng mga yaring produkto. | Marahas, buktot at mabangis ang pagsalungat at paglaban sa rebolusyon at sa pambansang demokratikong mithiin ng sambayanang Pilipino. |
| **PANGINOONG MAYLUPA** <br>**Malaki**<br>**Panggitna at Maliit** | Malalawak na lupaing agrikultural<br><br>50 ektarya pataas<br>10 – 49 ektarya | Hindi lumalahok sa esensyal na paggawa. | Pinagsasamantalahan nila ang masa sa pamamagitan ng mataas na upa sa lupa at makinarya, usurerong interes, libreng paggawa, , mataas na tubong komersyal, mababang pasahod. | Marahas na lumalaban sa rebolusyon lalo na ang malaki, nasa kapangyarihan at despotiko. |
| **PAMBANSANG BURGESYA**  | Maliliit, katamtaman & "intermedyang" mga industriya tulad ng pabrika ng damit, sapatos, plastik & iba pang produktong pangkonsumo. | Hindi nagtatrabaho pero tuwirang nangangasiwa sa kanilang negosyo. Ginigipit ng mga imperyalista at MBK sa kumpitensya at pamumuhunan. Interesado sa pambansang industriyalisasyon | Tubo mula sa pagsasamantala sa mga manggagawa. | Mabuway . Dalawahang katangian ng paninindigan sa pulitika:Maaring sumama sa rebolusyon sa ilang panahon at kontrarebolusyon sa ibang panahon. |
| **PETIBURGESYA** <br>**a. Mataas**<br>**b. Panggitna**<br>**k. Mababa** | Kaunting kasangkapan sa produksyon o may ispesyal na kasanayan o kakayahan. | Lumalahok sa produksyon at nagbibigay ng mahalagang serbisyo sa lipunan. | a. sobra ang kita<br>b. sapat-sapat ang kita<br>k. kulang ang kita | Progresibo. Mapagkakatiwalaang alyado ng proletaryado. Tumutulong at lumalahok sa rebolusyon. Mahalaga ang papel ng intelihensya sa paghahanda ng opinyong publiko pabor sa rebolusyon. |

| | **Pag-aari** at **Kontrol** sa (**KsP**) | **Partisipasyon** sa **Produksyon** | **Parte** sa **Kita** at **Paano** ito **Nakuha** | **Paninindigang Pampulitika** |
|---|---|---|---|---|
| **MAGSASAKA**<br>**1. Mayamang Magsasaka** *(burgesya sa kanayunan)*  | May sobrang lupang sarili o inuupahan; mas mahusay na kagamitang pansaka at hayop pantrabaho | Nagbubungkal ng ilang bahagi ng kanyang lupa. Kumakatawan sa malapyudalismo sa kanayunan. | Labis ang kitang butil o salapi sa kanilang taunang gastos 30-50% ng kita ay mula sa pagsasamantala | Maaaring mapasuporta sa pakikibakang anti-pasista at anti-imperyalista at maaaring manyutralisa sa rebolusyong agraryo laban sa PML. |
| **2. Panggitnang Magsasaka**<br>***a. Nakakataas***  | Lupang sarili o inuupahan na nakakatustos humigit-kumulang sa kanilang pangangailangan. | Nagbubungkal ng malaking bahagi sa lupa. | May konting sobrang kita. 15-30% sa kita galing sa pagsasamantala | |
| ***b. Gitna***  | Walang sariling lupa o kung meron man napakakulang sa kanilang pangangailangan; simpleng kagami-tang pansaka; walang kalabaw. | Nagbubungkal ng mas malaking bahagi sa lupa. | Sapat lang ang kita. Hanggang 15% galing sa pagsasamantala. | Maaasahang alyado ng proletaryado at mahalagang pwersang pampakilos sa 2-yugtong rebolusyon. |
| ***k. Nakakababa***  | | Nagbubungkal at nagbebenta ng lakas-paggawa. | Kulang ang kita. Hanggang 25% sa kita mula sa pagbebenta ng lakas-paggawa. | Matatag na lumalahok sa rebolusyon ang nakakababang panggitnang magsasaka. |
| **4. Maralitang Magsasaka**  | Walang sariling lupa o kung meron man napakakulang sa kanilang pangangailangan; simpleng kaga-mitang pansaka; walang kalabaw. | Nakikisaka sa PML – nagbabayad ng upa sa lupa;May iba't-ibang saydline para mabuhay. Kailangan laging magbenta ng lakas-paggawa. | Hindi sapat ang kita para sa ikabubuhay at gastos pansaka. 25-50% sa kita mula sa pagbebenta ng sariling lakas-paggawa. | Pinakamapagkakatiwalaang alyado ng proletaryado at pangunahing pwersa sa rebolusyon. |




3 Kategorya ng **MANGGAGAWANG BUKID:**

1. Maralita at nakakababang panggitnang magsasaka
2. Lubusan o pangunahing umaasa sa pagbebenta  ng kanilang lakas –paggawa.
3. Ang mga patungo sa lubusang pagkawala ng kabuhayan at pinakamasahol na pagkakabusabos at maaaring lumuwas sa kalunsuran para sa samutsaring trabaho.

| | **Pag-aari** at **Kontrol** sa (**KsP**) | **Partisipasyon** sa **Produksyon** | **Parte** sa **Kita** at **Paano** ito **Nakuha** | **Paninindigang Pampulitika** |
|---|---|---|---|---|
| **PROLETARYADO**  | Walang pag-aaring kasangkapan sa produksyon. | Lumilikha ng sobrang halaga sa pagtatrabaho sa mga industriya, manupaktura at serbisyo. | Nagbebenta ng sariling lakas-paggawa sa kapitalista sa napakababang sahod. | Pinakapuspusan at pinakamasugid na rebolusyonaryong pwersa. Tagapamandila ng MLM. May PKP na kumakatawan sa makauring pamumuno ng proletaryado sa rebolusyon. |
| **MALA-PROLETARYADO**  | Wala o halos walang kasangkapan sa produksyon. | Wala o halos walang hanapbuhay. Handang ipagbili ang lakas-paggawa pero walang mapasukan. Reserbang hukbo sa paggawa. | Di sapat at di regular ang kita, walang kasiguruhan sa trabaho. | Mapapakilos sa rebolusyon. Handang makibaka laban sa pambansa at makauring kaaway ng sambayanang Pilipino. |
| **LUMPEN-PROLETARYADO**  | Walang kasangkapan sa produksyon (sa ganitong katangian lamang sila tinatawag na "proletaryado") | Nabubuhay sa gawaing anti-sosyal – pagnanakaw, pagpuputa, panunulisan, panghoholdap, pamamalimos, iba pa… | | Mabuway. Madaling mabili ng kaaway. Pero pwedeng magbago. Magagamit sa rebolusyon ang kanilang pagkamuhi sa estado at tapang sa labanan basta't maingat silang magagabayan. |

TIMELINE **URI** 1

## **KRISIS** SA **ILALIM** NG MGA **PAPET** NA **REHIMEN (1946-2001)**




| | QUIRINO | MAGSAYSAY | GARCIA | MACAPAGAL | MARCOS | AQUINO | RAMOS | ESTRADA | ARROYO |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Krisis** sa **Ekonomya** | Pagkasaid ng reserbang dolyar (1949) | Huwad na reporma sa lupa | *Partial decontrol;* “*Filipino 1st*” policy | *Decontrol;* Pagbagsak ng piso $ = P 3.90 | “*Floating rate*” ng piso Pagkaubos ng mga prontera (late ‘60s); Pagtindi ng suliranin sa lupa | *Import Liberalization;* grabeng krisis sa ekonomya, mas matinding pagbagsak ng Piso $ =$11- 26 | Pandaigdigang krisis sa Pinansya (1997) $= P30 Globalisasyon | $=P40 | $=P55 |
| **Krisis** sa **Pulitika** | Armadong paksyunal na labanan (Quirino vs. Laurel) | | | | Asasinasyon kay Aquino | Total War Muling paglakas ng paksyunalismo; mga kudeta | Saywar | Total War | Kampanyang “Anti-terorista” |
| ***Pakikibaka*** ng ***Mamamayan*** | *Armadong pakikibaka ng HMB (1948-’52)* | *Pagkatalo ng armadong pakikibaka* | *Muling pagsigla ng makabayan at anti-imperyalistang kilusan (SCAUP)* | *Kabataang Makabayan (1964)* | *PKP (1968) BHB (1969) Paglakas ng AP* | *Paglihis* | *IDKP* | *Muling Paglakas ng DRB* | |





TIMELINE **URI** 2

## MGA TAMPOK NA PANAHON NG **KAIGTINGAN NG KRISIS SA KASAYSAYAN NG ESTADONG NEOKOLONYAL**

**ROXAS**
**QUIRINO**
**MAGSAYSAY**
**GARCIA**
**MACAPAGAL**
**MARCOS**











**AQUINO 1986** — **RAMOS 1992** — **ESTRADA 1998** — **ARROYO**

Paksyong Quirino at Laurel

Armadong pakikibaka laban sa estadong neokolonyal.

Pagkasaid ng reserbang dolyar

Debalwasyon ng piso "floating rate"

First Quarter Storm, 1970

Anti-imperyalistang desisyon ng Korte Suprema sa Quasha & Lutzeveco

Anti-imperyalistang tinig sa Kongreso at Kumbensyong Konstitusyunal

Lumalalang krisis

Pagbagsak ng presyo ng eksport sa hilaw na materyales

Paglakas ng Armadong Pakikibaka

Aquino Assasination ('83); Protestang masa

Paksyong Imelda, Enrile, Ver at Ramos

Pagpapalayas kay Marcos

Di karaniwang tindi ng krisis sa ekonomya at pinansya

Mga kudeta

Pandaigdigang krisis sa ekonomya na pinakamalala mula noong Malaking Depresyon

Napakalalim na krisis sa ekonomya ng reaksyunaryong sistema

Pagpapatalsik kay Estrada

# DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN (DRB)

## LAYUNIN

1. Mailinaw na ang pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon ang pangkalahatang linyang pampulitika ng rebolusyong Pilipino sa kasalukuyan.

2. Mailinaw na ang pangkalahatang linyang ito ay nakabatay sa Marxista-Leninista-Maoistang pagsusuri sa kasaysayan ng Pilipinas, sa mga batayang suliraning kinakaharap ng mamamayan at sa mga uri na bumubuo sa rebolusyong Pilipino.

3. Mailinaw ang makauring pamumuno at PKP, ang armadong pakikibaka at BHB at ang pambansang nagkakaisang prente; ang mga saligang tungkulin ng Demokratikong Rebolusyong Bayan (DRB); at ang perspektiba ng rebolusyong Pilipino.



# PAGBUBUKAS NG TALAKAYAN

1. *Ilahad na ang DRB ang pinakasentrong paksa ng BKP.*

2. *Iugnay ang pagtalakay sa DRB sa naunang dalawang paksa, Kasaysayan ng Pilipinas at Mga Uri at Krisis sa Lipunang Pilipino bilang kasagutan sa mga batayang suliranin ng mamamayang Pilipino.*

3. *Idiin ang kahalagahan ng paksa at palamnan ang layunin mula sa partikular na kalagayan at pangangailangan ng mga mag-aaral.*

4. *Idiin na kapag lumuwag ang pagtangan ng Partido sa linya ng DRB, makakapasok at makakapaminsala sa loob nito ang linyang kontrarebolusyon na inilalako ng mga rebisyunistang taksil at ahente ng kaaway.*

5. *Ilahad ang balangkas ng paksa:*


   **A. Ang Saligang Katangian ng Demokratikong Rebolusyon ng Bayan**
   **B. Ang Estratehiya at Makauring Batayan nito**
   **K. Ang Makauring Pamumuno at ang Partido Komunista ng Pilipinas**
   **D. Ang Kalakhang Pwersa at ang Armadong Pakikibaka**
   **E. Ang Saligang Alyansa at Pambansang Nagkakaisang Prente**
   **G. Ang mga Saligang Tungkulin ng Demokratikong Rebolusyon ng Bayan**
   **H. Ang Perspektiba ng Rebolusyong Pilipino**

# KATAWAN NG TALAKAYAN

## A. Ang Saligang Katangian ng Demokratikong Rebolusyong Bayan

### 1. Bakit pambansa-demokratiko ang kasalukuyang yugto ng rebolusyong Pilipino?

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN SA PAGTUTURO |
|---|---|
| **a.** Malakolonyal at malapyudal ang katangian ng lipunang Pilipino, kaya't di maiiwasang pambansa-demokratiko ang katangian ng kasalukuyang yugto ng rebolusyong Pilipino. Hangad nito ang paglaya ng sambayanang Pilipino sa pang-aapi at pagsasamantalang dayuhan at pyudal. | *Tuluy-tuloy na talakayin ang* **Tanong 1** *at* **2**.<br><br>*Gamitin ang* **Biswal DRB-1**. *Tanungin ang mag-aaral kung bakit pambansa at bakit demokratiko. Lagumin ang mga sagot.* |




DRB 1 - DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN SA PAGTUTURO |
|---|---|
| **b.** Ang kasalukuyang yugto ng rebolusyong Pilipino ay karugtong ng rebolusyong Pilipino ng 1896 at ng Digmaang Pilipino-Amerikano na kapwa nabigo sa liberal-burges na pamumuno ng pamahalaang Aguinaldo. | *Ipakita ang malinaw na ugnayan ng Rebolusyong 1896 sa kasalukuyang pambansang demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng pagbabalik sa mga pangunahing kahilingan ng Rebolusyong 1896.* |

## 2. Bakit bagong tipo ang kasalukuyang pambansa-demokratikong rebolusyon?

**a.** Bagong tipo ang kasalukuyang pambansa-demokratikong rebolusyon dahil ang makauring pamumuno nito ay wala na sa burgesya kundi nasa proletaryado at ang patutunguhan ng rebolusyon ay hindi kapitalista kundi sosyalista.

**b.** Bagamat proletaryado ang pamunuan, hindi pa rebolusyong proletaryo-sosyalista ang rebolusyong Pilipino. Kapag naagaw na ang kapangyarihang pampulitika, masisimulan na sa rebolusyonaryong pamumuno ng proletaryado at ng partido nito ang rebolusyong sosyalista.

*Mahalagang-mahalaga na idiin agad sa puntong ito ang makauring pamumuno ng proletaryado at ang sosyalistang perspektiba ng rebolusyon.*

## 3. Anong saligang kalagayan sa malapyudal at malakolonyal na lipunang Pilipino ang nagtitiyak sa pagsulong at pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan?

**a.** Ang krisis na sosyo-ekonomiko at pampulitika ng lokal na naghaharing sistema ang matabang lupa para sa paglakas at pagsulong ng lahat ng rebolusyonaryong pwersa.

**b.** Pinag-iibayo ng mga imperyalista, burgesyang kumprador at panginoong maylupa ang pagsasamantala sa masang manggagawa, magsasaka at petiburgesya. Kasabay nito, pinatitindi ang panunupil at paggamit ng pasistang karahasan para patahimikin ang kanilang paglaban.

*Talakayin nang tuluy-tuloy ang* ***Tanong 3, 4*** *at* ***5.***

*Ilinaw na ang mga krisis sa ekonomya at pulitika ang nagpapahina sa kaaway at nagtutulak sa mamamayan na tahakin ang rebolusyonaryong landas dahil sa wastong pamumuno ng Partido.*

## 4. Bakit hindi maaaring lampasan ang yugto ng demokratikong rebolusyong bayan at dumiretso agad sa sosyalistang rebolusyon tulad ng inilalako ng mga bagong rebisyunistang taksil na maka-Trotsky?

**a**. Napatunayan na sa kasaysayan na bago makamit ang sosyalistang yugto sa bayang malakolonyal at malapyudal, dapat munang makumpleto ang pambansa-demokratikong yugto.

*Ilinaw kung bakit dalawang yugto ang rebolusyon. Huwag magpalawig sa sosyalitang rebolusyon.*
*Balikan ang* ***Biswal SPPPR-2****. Ilinaw at pabulaanan ang mga rebisyunistang ideya na labag sa teorya ng dalawang yugtong rebolusyon.*

**b**. Dogmatismo o ganap na walang kaalaman sa tunay na kalagayan ng ating bayan ang paggigiit na gawing kagyat na layunin natin ang sosyalismo.




SPPPR 2 - REBISYUNISMO

### 5. Bakit hindi maaaring bitiwan ang sosyalistang perspektiba ng demokratikong rebolusyong bayan tulad ng panukala ng ilang rebisyunistang taksil?

**a.** Sa ideolohiya, kamaliang empirisismo ang manatili sa minimum na layuning pambansang demokrasya nang hindi isinasanib ito sa pangmatagalang layunin, nang hindi hinahayaang umunlad ang lakas sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ng mga pwersa ng sosyalismo sa loob ng pambansang nagkakaisang prente.


**b.** Ang petiburges na pagkakamaling ito sa ideolohiya ay humahantong sa kanang oportunistang pagkakamali sa mga pampulitikang aksyon at nauuwi sa kapitulasyunismo at makauring kolaborasyon.

## B. Ang Estratehiya at Makauring Batayan Nito


### 1. Ano ang rebolusyonaryong linya sa uri ng Partido?

**a.** Ang rebolusyonaryong linya sa uri ng Partido sa bagong demokratikong rebolusyon ay: itaguyod ang makauring pamumuno ng proletaryado, sumalig sa uring magsasaka bilang pangunahing alyado ng proletaryado, kabigin ang petiburgesyang lunsod bilang isang progresibong pwersa, kabigin din ang panggitnang burgesya bilang isang positibong pwersa at samantalahin ang pagkakahati-hati sa hanay ng mga reaksyunaryo na malalaking burgesya kumprador at panginoong maylupa para ihiwalay at durugin ang kapangyarihan ng kaaway.

*Tuluy-tuloy na talakayin ang **Tanong 1** at **2**. Balikan ang **Biswal Uri-1** at **PnP-1**. Gamitin ito sa pagpapaliwanag ng rebolusyonaryong linya sa uri ng Partido. Gumamit ng tsart o strip para ipakita ang rebolusyonaryong linya sa uri. Mula sa biswal ay ipakita kung paano nagaganap ang mga ito sa kongkreto.*




URI 1 - MGA URI SA LIPUNANG PILIPINO



PnP 1 - ANG PAMBANSANG NAGKAKAISANG PRENTE
ANG PAGKAKAISA NG LAHAT NG PROGRESIBONG URI, SARAY AT GRUPO LABAN SA IMPERYALISMO, PYUDALISMO AT BURUKRATANG KAPITALISMO

## 2. Ano ang makauring batayan ng estratehiya ng demokratikong rebolusyong bayan?

**a.** Ang pagsusuri sa mga uri mula sa proletaryong rebolusyonaryong pananaw ang nagtatakda ng estratehiya at mga taktika ng rebolusyong Pilipino.

**b.** Batay sa pagsusuri natin sa mga uri sa lipunang Pilipino, ang mga pwersang pampakilos o kakampi ng rebolusyong Pilipino ay ang proletaryado, ang uring magsasaka, ang petiburgesya at sa ilang panahon sa limitadong saklaw, ang pambansang burgesya. Sa kabilang banda, ang mga target o kaaway ng rebolusyong Pilipino ay ang imperyalismong US at mga lokal na alipures nito.


***Nota:*** *Ilinaw na ang sumusunod na paksang K, D at E ay tumatalakay sa tatlong makapangyarihang sandata ng sambayanang Pilipino sa pagsusulong ng DRB. Ito ay ang Partido, BHB at Pambansang Nagkakakaisang Prente.*

## K. Makauring pamumuno at ang Partido Komunista ng Pilipinas

### 1. Bakit sa pamumuno ng proletaryado lamang maaaring magtagumpay ang rebolusyong Pilipino?

**a.** Ang proletaryado ang namumunong uri sa rebolusyong Pilipino ngayon. Kung wala ang pamumuno ng proletaryado sa pamamagitan ng pinakaabanteng destakamento nito, ang Partido Komunista ng Pilipinas, hindi maaaring lumitaw ang tunay na rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas sa kasalukuyang panahon.

*Tuluy-tuloy na talakayin ang* ***tanong 1*** *at* ***2****. Gamitin ang* ***Biswal Partido-1****. Idiin na sa panahon ng Imperyalismo, tanging ang proletaryado lamang sa pamamagitan ng partido nito ay makakapamuno sa DRB hanggang sosyalismo.*



PARTIDO 1 - ANG PARTIDO ANG SULONG NA DESTAKAMENTO NG PROLETARYADO

**b**. Dahil sa kalikasan ng proletaryado, hindi lamang sa kagyat na hinaharap nila makakayang magbigay ng rebolusyonaryong liderato kundi pati sa malayong hinaharap hanggang maabot ang komunismo.

*Idiin na ginagamit ng PKP ang teorya ng MLM upang wastong magabayan ang rebolusyong Pilipino. Idiin na MLM ang ginagamit ng Partido sa pagtatakda ng wastong linya sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.*

### 2. Paano tinitiyak ng Partido ang wastong pamumuno sa rebolusyong Pilipino?

**a.** Palagiang tungkulin ng Partido na magpakahusay sa pag-unawa sa rebolusyonaryong teorya, patuloy na mag-aral ng kongkretong kalagayan at praktika at batay dito, paunlarin ang pag-unawa sa obhetibong batas ng rebolusyong Pilipino upang matiyak ng Partido ang wastong mga patakaran at ang tumpak na estratehiya at mga taktika na magsusulong sa rebolusyon.

**b.** Mulat sa panganib ng makabagong rebisyunismo at ng pag-usbong ng oportunismo sa iba't ibang anyo, naglulunsad ang Partido ng kilusang pagwawasto at nagsasagawa ng pakikitunggaling pang-ideolohiya upang maiwaksi ang mga pagkakamali sa nakaraan at sa bawat panahon.


## D. Ang Kalakhang Pwersa at ang Armadong Pakikibaka

### 1. Bakit ang uring magsasaka ang kalakhang pwersa ng demokratikong rebolusyong bayan?

**a.** Ang uring magsasasaka ang pinakamalaking pwersang masa sa bansa at ang suliranin ng uring magsasaka, ang suliranin sa lupa, ang siyang pangunahing suliranin ng demokratikong rebolusyong bayan.

**b.** Walang kalutasan ang suliraning magsasaka kundi ang maglunsad ng armadong pakikibaka, magbunsod ng rebolusyong agraryo at magtayo ng mga rebolusyonaryong base.

*Tuluy-tuloy na talakayin ang **Tanong 1** at **2.** Balikan ang **Biswal Uri-1**.*




URI 1 - MGA URI SA LIPUNANG PILIPINO

### 2. Bakit armadong pakikibaka ang pangunahing anyo ng pakikibaka sa pagsusulong ng DRB?

**a.** Hindi isusuko ng mga naghaharing uri ang kapangyarihan nang walang labanan at pangunahing umaasa sila sa kontra-rebolusyonaryong armadong lakas upang panatilihin ang kanilang paghahari at ipagtanggol ang kanilang makauring interes laban sa mamamayan.

*Gamitin ang **Biswal MI-8.** Ipakita na ang kasalukuyang estado ay diktadura ng imperyalismong US, malaking burgesyang komprador at uring panginoong maylupa na may reaksyunaryong militar, ang AFP.*

**b.** Segundaryo ang papel ng parlamentaryong pakikibaka sa kalunsuran dahil ang kalunsuran ang sentro ng kapangyarihang pang-ekonomya, pampulitika at militar ng kaaway.

**k.** Kailangan ang mahigpit na pagtutulungan ng armadong pakikibaka at parlamentaryong pakikibaka at ng rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan at kalunsuran para sa iisang layuning maipatupad ang sentral na tungkulin ng rebolusyon.




MI 8 - ANO ANG ESTADO?

*Idiin na ang sentral na tungkulin ng DRB ay ang pagwasak ng reaksyunaryong estado sa pamamagitan ng armadong pakikibaka. Magbigay ng halimbawa kung paano nagtutulungan ang armadong pakikibaka at parlamentaryong pakikibaka.*

## 3. Ano ang digmang bayan?

**a.** Inilulunsad natin ang demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng digmang bayan. Ang pangunahing anyo ng ating rebolusyonaryong kilusan ay ang armadong pakikibaka na nilalahukan ng malawak na masa ng sambayanan, laluna ng masang magsasaka.

**b.** May tatlong di mapaghihiwalay na sangkap sa pagpapaunlad ng digmang bayan sa kanayunan:

- armadong pakikibaka
- rebolusyong agraryo
- baseng bukid

**k.** Ang demokratikong kapangyarihang bayan ay itinatayo sa kanayunan sa pamamagitan ng armadong pakikibaka.

*Awitin ang* ***"Dapat Pag-aralan ang Digmang Bayan."*** *Tuluy-tuloy na talakayin ang* ***Tanong 3-7.*** *Ilinaw na sa kasalukuyang antas ng ating pakikidigmang gerilya, ipinapatupad natin ang malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa papalawak at papalalim na baseng masa.*

*Ilinaw ang prinsipyo ng integradong pagdadala ng digmang bayan; armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagbubuo ng baseng masa at idiin na hindi magkakahiwalay na inilulunsad ang mga ito sa kanayunan.*

*Idiin ang mga batayan kung bakit sa kanayunan lamang maaaring makapag-ipon ng rebolusyonaryong lakas. Ito ang layunin ng ating gawaing masa sa kanayunan.*

## 4. Ano ang estratehikong prinsipyong pumapatnubay sa pagsusulong ng digmang bayan?

| | |
|---|---|
| **a**. "Kubkubin ang kalunsuran mula sa kanayunan" ang estratehikong prinsipyong gumagabay sa pagsusulong ng digmang bayan. | |
| **b.** Sa pagpapatupad sa estratehikong prinsipyo ng pagkubkob sa kalunsuran mula sa kanayunan, mapagpasya ang pagtatayo ng mga rebolusyonaryong base at ang pagsulong ng paalun-alon mula sa mga ito. | *Ilarawan sa pamamagitan ng chalk-talk ang rebolusyonaryong base (larangang gerilya)* |

## 5. Bakit matagalan ang digmang bayan?

| | |
|---|---|
| **a.** Para mabago ang timbangan ng lakas sa panig ng hukbong bayan at rebolusyon, kailangan ang matagal na panahon ng pag-iipon ng lakas at papira-pirasong pagdurog sa kontra-rebolusyonaryong hukbo.<br><br>**b.** Malamang na dadaan sa tatlong yugto ang ating digmang bayan – ang estratehikong depensiba, ang estratehikong pagkapatas at ang estratehikong opensiba. | *Gamitin ang mapa ng Pilipinas. Talakayin ang 3 estratehikong yugto na dadaanan ng ating digmang bayan. Magdiin sa nilalaman ng estratehikong depensibang yugto. Ilinaw ang linya ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa papalawak at papalalim na baseng masa bilang wastong linya ng pagsulong sa kasalukuyang yugto. sumangguni sa mga pinakahuling pahayag ng Partido.* |

## 6. Bakit mali ang insureksyunismong lunsod?

| | |
|---|---|
| **a.** Ang insureksyunismong lunsod ay "kaliwang" oportunistang anyo ng maling pagbibigay ng pangunahing diin sa pakikibakang lunsod at naghahangad ng mabilisang tagumpay ng rebolusyon sa pamamagitan ng mga ispontanyong pag-aalsa ng masa sa lunsod.<br><br>**b.** Malulubhang paglihis sa linya ng matagalang digmang bayan ang ipinalaganap ng mga insureksyunista sa noong dekada 1980. | *Magbigay ng halimbawa.* |

## 7. Bakit mali ang linya ng walang taning na parlamentaryong pakikibaka bilang paghahanda diumano sa insureksyong lunsod?

**a.** Ang linya ng walang taning na parlamentaryong pakikibaka bilang paghahanda diumano sa insureksyong lunsod ay kanang oportunistang anyo ng maling pagbibigay ng pangunahing diin sa pakikibakang lunsod.

**b.** Maling pagsusuri sa lipunan at rebolusyong Pilipino ang tinuntungan ng ganitong linya.

*Magbigay ng halimbawa.*

## 8. Ano ang Bagong Hukbong Bayan?

**a.** Ang Bagong Hukbong Bayan ang rebolusyonaryong hukbo ng mamamayan na nakikipaglaban para sa mga demokratikong interes ng bayan at pambansang kalayaan.

- Ito ang pangunahing organisasyong masa ng Partido.
- Ito sa pangunahin ay pwersang panlaban at kaalinsabay ay pwersa sa pagpopropaganda, pag-oorganisa sa masa at produksyon.

*Talakayin ng tuluy-tuloy ang apat na sumusunod na mga* **Tanong 8-11.** *Gamitin ang* **Biswal BHB-1.** *Kunin ang opinyon ng mag-aaral sa ibig sabihin ni Kasamang Mao na,* **"kung walang hukbong bayan, wala kahit ano ang mamamayan."** *Maiksing balik-aralan din ang kasaysayan ng pagtatayo ng BHB na nagdidiin sa mga pangunahing katangian nito.*

*Ipaliwanag na mananatili ang saligang katangian ng BHB kahit nakatayo na ang sosyalistang estado.*




BAGONG HUKBONG BAYAN

b. Ang BHB ay saligang naiiba sa reaksyunaryong hukbo at sa mga nagpapanggap na hukbong bayan na itinayo ng mga oportunistang taksil sa rebolusyon.

*Magbigay ng mga halimbawa ng saligang pagkakaiba ng BHB sa AFP at iba pang mga bandidong pangkat.*

k. Ang pangunahing tungkulin ng BHB sa kasalukuyan ay durugin ang kontra-rebolusyonaryong AFP at isulong ang matagalang digmang bayan tungo sa tagumpay.

*Ilagay sa tsart ang mga tungkulin ng BHB at ipabasa sa mag-aaral.*

## 9. Bakit kailangang nasa absolutong pamumuno ng Partido ang BHB?

a. Nasa absolutong pamumuno ng Partido – ang pampulitikang pinuno ng rebolusyong Pilipino-ang BHB upang matiyak na ang "Partido ang namumuno sa baril at hindi ang baril ang namumuno sa Partido," upang matiyak ang pangingibabaw ng pulitika at maiwasan ang adbenturismong militar at kolaborasyunismo.

b. Ang absolutong pamumuno ng Partido ang nagtitiyak na ang BHB ay magiging isang makapangyarihang haligi ng rebolusyonaryong lakas at kapangyarihan ng mamamayan hanggang sa susunod na yugto ng sosyalistang rebolusyon.

*Ilinaw ang prinsipyo hinggil sa absolutong pamumuno ng Partido sa BHB.*

*Gamitin ang* **Timeline** *sa pagtalakay ng maikling kasaysayan ng BHB (1969-kasalukuyan).*

## 10. Anu-ano ang mga batayang prinsipyong gumagabay sa gawaing pampulitika ng BHB?

a. Ang tatlong batayang prinsipyong gumagabay sa gawaing pampulitika ng BHB ay:

- pagkakaisa ng mga upisyal at kawal;
- pagkakaisa ng hukbong bayan at mamamayan;
- paglansag sa tropa ng kaaway at mahusay na pagtrato sa mga bihag.

*Gumawa ng istrip hinggil sa tatlong batayang prinsipyong gumagabay sa gawaing pampulitika ng BHB. Magbigay ang mga mag-aaral mula sa kanilang mga karanasan kung paano ipinatutupad ang bawat prinsipyong tinatalakay. (Maaari itong iworkshop) Lagumin ng instruktor ang mga puntong lumabas.*

## 11. Ano ang katangian ng disiplinang pinaiiral sa loob ng BHB?

a. Ang disiplina ng mga pinuno at mandirigma ng BHB ay isang mulat na disiplinang ginagabayan ng MLM, ng PKP at ng pang-organisasyong prinsipyo ng demokratikong sentralismo.

b. Lahat ng pinuno at mandirigma ng BHB ay mahigpit na pinagbabawalang gumawa ng kahit anong pinsala sa interes ng mamamayan at dapat tumalima sa Tatlong Pangunahing Alituntunin ng Disiplina at Walong Puntong Dapat Tandaan na isinaad ni Kasamang Mao.

*Ilinaw kung ano ang ibig sabihin ng mulat na disiplina ng BHB. Ihambing ito sa "disiplinang" pinaiiral sa AFP.*


*Itsart o kantahin ang* **Tatlong Alituntunin ng Disiplina** *at* **Ang Walong Puntong Dapat Tandaan.** *Magbigay ng mga halimbawa sa pagpapatupad nito. Maaaring iparinig ito sa mga mag-aaral mula sa tape o CD.*

# E. Ang Saligang Alyansa at ang Pambansang Nagkakaisang Prente


## 1. Ano ang pambansang nagkakaisang prente?

**a.** Ang pambansang nagkakaisang prente ay ang pagkakaisa ng lahat ng rebolusyonaryong uri at saray para makamit ang pambansang demokrasya at gapiin ang mga mapanupil at mapagsamantalang mga pwersa ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo.


*Tuloy-tuloy na talakayin ang* ***Tanong 1-6****. Gamitin ang mga* ***Biswal Uri 1, PnP 1 - 2*** *at* ***DRB-1****. Ilinaw ang kahalagahan ng PnP bilang isa sa tatlong makapangyarihang sandata.*





URI 1 - MGA URI SA LIPUNANG PILIPINO




DRB 1 - DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN




PnP 2 - ANG ALYANSA NG URING MANGGAGAWA AT MAGSASAKA ANG SALIGANG PUNDASYON NG PAMBANSANG NAGKAKAISANG PRENTE



PnP 1 - ANG PAMBANSANG NAGKAKAISANG PRENTE ANG PAGKAKAISA NG LAHAT NG PROGRESIBONG URI, SARAY AT GRUPO LABAN SA IMPERYALISMO, PYUDALISMO AT BURUKRATANG KAPITALISMO

b. Ang pambansang nagkakaisang prente ay pinamumunuan ng Partido at ang programang ipinatutupad nito ay alinsunod sa programa para sa demokratikong rebolusyong bayan ng Partido.

k. Ang tunay na pambansang nagkakaisang prente para sa rebolusyon ay para sa paglulunsad ng armadong pakikibaka.

## 2. Bakit hindi maitatayo ang isang tunay na pambansang nagkakaisang prente kung wala ang makauring pamumuno ng proletaryado dito?

a. Ang proletaryado ang pinakasulong na pwersa sa produksyon at pulitika ngayon at sa hinaharap. Sa panahon ng imperyalismo at proletaryong rebolusyon, wala nang ibang uring makakapamuno sa rebolusyonaryong nagkakaisang prente.

b. Ang Partido Komunista ng Pilipinas ang abanteng destakamento ng proletaryado. Ito ang materyalisasyon ng makauring pamumuno. Hindi magkakaroon ng rebolusyonaryong nagkakaisang prente kung wala ang pamumuno ng proletaryado at ng Partido Komunista ng Pilipinas.

k. Ang PKP ay hindi simpleng isa lamang sa maraming organisasyon sa loob ng nagkakaisang prente. Ito ang partido ng proletaryado na may istorikong misyon na pamunuan ang demokratikong rebolusyon at ang susunod na sosyalistang rebolusyon.

*Gumawa ng istrip ng anim na rekisitos ng nagkakaisang prente. Isa-isang ipadikit sa mag-aaral at ipaliwanag. Sumangguni sa* ***"Istruktura ng mga Rekisito sa Pagbubuo ng Rebolusyonaryong Nagkakaisang Prente,"*** *Rebolusyon, Abril 24, 1998.*

*Idiin ang kahalagahan ng makauring pamumuno ng proletaryado sa rebolusyon.*

## 3. Bakit ang saligang alyansa ng proletaryado at uring magsasaka ang pundasyon ng pambansang nagkakaisang prente?

a. Ang saligang alyansa ng proletaryado at uring magsasaka ang matibay na pundasyon ng pambansang nagkakaisang prente sapagkat sila ang pinakamarami at may pinakamatatag na paninindigan sa rebolusyon.

*Gamitin ang* **Biswal PnP-2**, *Ipakita na ang proletaryado at uring magsasaka ang pundasyon ng nagkakaisang prente dahil sila ang pinakamarami at pinakamatinding pinagsasamantalahan at inaapi.*

**b.** Sa pamamagitan ng pamumuno at pangunahing pagsalig sa uring magsasaka, maisusulong ng proletaryado at ng rebolusyonaryong partido nito ang pangkalahatang linya ng bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan.

*Idiin na ang pagtupad sa kahilingan ng magsasaka sa lupa ay mapagpasya sa pamumuno ng proletaryado at sa tagumpay ng DRB. Ilinaw na ang BHB ang kongkretong ekspresyon ng saligang alyansa.*

**k.** Para maisakatuparan ang batayang alyansa ng manggagawa-magsasaka, itinayo ng Partido ang BHB at ang rebolusyonaryong kilusang magsasaka at sa gayon ay naitayo ang mga organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika.

## 4. Bakit kailangang kabigin ang petiburgesyang lunsod bilang progresibong pwersa at makahanay ng uring manggagawa at magsasaka bilang mga saligang pwersa ng rebolusyon?

**a.** Kapag nakatitiyak na sa alyansang manggagawa at magsasaka, sumasaklaw ang rebolusyonaryong nagkakaisang prente sa pag-unlad ng alyansa ng mga saligang pwersang rebolusyonaryo o ng mga progresibong pwersa(uring manggagawa, magsasaka at ang petiburgesyang lunsod.)

*Magbigay ng mga halimbawa para ipakita ang mga positibong ambag ng petiburgesyang lunsod sa pagsusulong ng armadong pakikibaka at kilusang masa gaya ng pagpapatalsik sa diktadurang Marcos at sa rehimeng Estrada.*

**b**. Higit na lumalakas ang rebolusyonaryong kilusan kapwa sa punto ng mga positibong ambag ng petiburgesyang lunsod at sa punto ng pagbaka at paghihiwalay sa kaaway.

**k.** Napakahalaga ng petiburgesyang lunsod kung kaya't hindi magwawagi ang bagong demokratikong rebolusyon kung hindi nito matatamo ang suporta ng mga pinakaabante sa saray na ito.

## 5. Bakit kailangang magpalawak pa ang pambansang nagkakaisang prente sa iba pang positibong pwersa ng rebolusyon?

**a.** Hangga't nakatitiyak sa alyansa ng mga batayang pwersang rebolusyonaryo, ang rebolusyonaryong nagkakaisang prente ay mapapalawak sa anyo ng alyansa ng mga positibo o makabayang pwersa (uring manggagawa, magsasaka, petiburgesyang lunsod at panggitnang burgesya).

*Idiin ang kahalagahan ng pagkabig sa panggitnang burgesya para sa DRB. Maaaring ihalimbawa ang naging papel ng mga organisasyon ng negosyante (na marami ay panggitnang burgesya), sa pagkilos para patalsikin si Estrada.*

**b.** Ang patakaran ng PKP at ng NDF sa panggitnang burgesya ay kilalanin ang kanilang dalawahang katangian, kapwa ang mga aspetong progresibo at reaksyunaryo, akitin sila sa nagkakaisang prente dahil sa kanilang progresibong aspeto at maging mapagmatyag sa kanilang reaksyunaryong aspeto.

## 6. Paano sinasamantala ang hidwaan ng mga reaksyunaryo para makapagpalawak ang pambansang nagkakaisang prente at mapahina ang kaaway?

Sinasamantala ng mga rebolusyonaryong pwersa ang mga kontradiksyon sa hanay ng mga reaksyunaryong pwersa ng malaking komprador at panginoong maylupa. Sa kanilang sarili, ang mga kontradiksyong ito ay nagpapahina sa buong naghaharing sistema. Ngunit para lalong pahinain ang naghaharing sistema, maaaring palawakin ang nagkakaisang prente para saklawin ang pormal o di pormal na pakikipag-alyansa sa mga reaksyunaryong lumalaban sa kaaway, hangga't ang alyansa ng manggagawa at magsasaka, ang alyansa ng mga saligang rebolusyonaryong pwersa at ang alyansa ng mga positibo o makabayang pwersa ay napapaunlad.

*Magbigay ng halimbawa ng gawain natin sa hanay ng mga reaksyunaryong pwersa, sa mga lokal na burukrata at iba pang naghaharing uri.*

**Nota:** *Idagdag sa talakayan ang ikaanim na rekisito ng istruktura ng nagkakaisang prente:* ***Ituon ang laban ng pinakamalawak na alyansa sa pinakamakitid na target at paisa-isang gapiin ang reaksyunaryo.***

## 7. Bakit lumalahok ang pambansang nagkakaisang prente sa usapang pangkapayapaan sa reaksyunaryong gubyerno?

**a.** Inililinaw ng PKP, BHB at NDFP na:
- Sa pagpasok sa mga negosasyong pangkapayapaan, patuloy silang tumatalima sa linya ng bagong demokratikong rebolusyon bilang linya sa makatarungan at matagalang kapayapaan.
- Ang negosasyong pangkapayapaan basta't wastong ipinatutupad ng awtorisadong panel sa negosasyon, ay isang anyo ng ligal na pakikibaka na nakapailalim sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka, at maging sa mga ligal na demokratikong pakikibakang masa.

**b.** Sa iisa lamang mahalagang aspeto superyor ang negosasyong pangkapayapaang isinasagawa ng NDFP sa iba pang anyo ng ligal na pakikibaka. Ito ay ang nailagay ng NDFP ang sarili na kapantay ng GRP bilang kapwa-nakikidigma sa isang gera sibil sa ilalim ng internasyunal na batas.

*Idiin ang mga pamantayang sinusunod ng PKP, BHB at NDFP sa pagpasok sa negosasyong pangkapayapaan.*

*Ilahad ang magkasalungat na balangkas ng GRP at rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng NDFP.*

*Magbahagi tungkol sa pinakahuling pangyayari kaugnay sa usapang pangkapayapaan. Sumangguni sa mga pahayag ng Partido at NDF.*

## 8. Ano ang patakaran ng Partido at nagkakaisang prente kaugnay ng reaksyunaryong eleksyon?

**a.** Ang paglahok sa reaksyunaryong eleksyon ay bahagi ng larangan at pakikibakang ligal, na makabuluhan pero segundaryong bahagi kung ihahambing sa mas mahalagang hayag na kilusan at pakikibakang masa.


**b.** Gumagamit tayo ng rebolusyonaryong dalawahang taktika sa pakikitungo sa reaksyunaryong eleksyon.

*Ilinaw ang ating linya at patakaran kaugnay ng reaksyunaryong eleksyon. Magbigay ng mga positibo at negatibong halimbawa sa ating pakikitungo at paggamit ng rebolusyonaryong dalawahang taktika sa mga reaksyunaryong eleksyon.*

## 9. Bakit natin sinasabing may dimensyong internasyunal ang pambansang nagkakaisang prente?

Ang patakaran ng rebolusyonaryong nagkakaisang prente sa Pilipinas ay nakaugnay sa anti-imperyalistang prente sa pandaigdigang saklaw at bahagi ang rebolusyong Pilipino ng pakikibakang komun ng mamamayan ng daigdig laban sa imperyalismo.

*Gamitin ang* ***Biswal SPPPR-6.*** *Idiin na bahagi ang ating pambansa-demokratikong rebolusyon sa pandaigdigang anti-imperyalistang nagkakaisang prente.*




SPPPR 6 - PROLETARYONG INTERNASYUNALISMO

## 10. Ano ang NDF?

**a.** Ang NDF ang natatanging lihim at pinakakonsolidadong alyansa ng mga saligang pwersang rebolusyonaryo na nagtataguyod sa bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng digmang bayan.

*Gamitin ang* ***Biswal PnP-3****. Ilagay sa tsart o gawan ng istrip ang magkaka-alyadong organisasyon ng NDF.*

**b.** Responsibilidad ng NDF na isulong ang pagkakaisa, pagtutulungan at koordinasyon ng lahat ng makabayang uri, sektor at pwersa.

*Ipadama na ang paglakas ng organisasyong kanilang kinabibilangan ay paglakas din ng NDF.*




PnP 3 - ANG NDFP ANG NATATANGING LIHIM AT PINAKAKONSOLIDADONG ALYANSA NG MGA SALIGANG PWERSANG REBOLUSYONARYO NA NAGTATAGUYOD NG BAGONG DEMOKRATIKONG REBOLUSYON SA PAMAMAGITAN NG DIGMANG BAYAN

**k.** Ang prinsipal na paraan ng pagpapalakas ng NDF ay ang pagpapalakas ng bawat alyadong organisasyon ng NDF sa pamamagitan ng gawaing masa.

*Iparinig sa mag-aaral ang* ***"Martsa ng Bayan.***

## G. Mga Saligang Tungkulin ng Demokratikong Rebolusyong Bayan

***Nota:*** *Gamitin ang* ***Apendiks DRB-1*** *(Ikatlong Bahagi ng Programa ng Demokratikong Rebolusyong Bayan sa Pilipinas, 1968) sa pagtalakay ng buong subpaksa. Ang mga punto sa* ***Tanong 1-13*** *ay maaaring gamitin para sa pagpapalaman.*

### 1. Ano ang sentral na tungkulin ng DRB?

**a.** Ang sentral na tungkulin ng DRB ay ang pagpapabagsak sa imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo, ang pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika at ang pagpapatatag nito.

**b.** Ang pagkatupad ng sentral na tungkulin ng DRB ay ang pagkalutas ng kontradiksyon sa lipunang malakolonyal at malapyudal at pagsulong ng lipunang Pilipino sa mas mataas na yugto ng pag-unlad.

## 2. Ano ang panawagan ng Partido at NDF sa mamamayan para maisakatuparan ang sentral na layunin ng demokratikong rebolusyong bayan?

Sa pagpapatupad ng sentral na tungkulin ng DRB, panawagan ng Partido at NDF ang: Pagkaisahin ang Sambayanan para Ibagsak ang Sistemang Malakolonyal at Malapyudal sa Pamamagitan ng Digmang Bayan at Kumpletuhin ang Pambansa-Demokratikong Rebolusyon.

## 3. Anong kahaliling estado sa ibabagsak na reaksyunaryong estado ang itatatag ng demokratikong rebolusyong bayan?

**a.** Itatatag ng DRB ang estado ng Demokratikong Republikang Bayan at ang Demokratikong Gubyernong Koalisyon.

**b.** Itinatayo na at patuloy na lumalawak sa buong bansa ang mga lokal na organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika.

**k.** Sinusuportahan ng NDF ang pagtatatag at konsolidasyon ng mga lokal na organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika sa pamamagitan ng pagpapalakas ng mga alyadong organisasyon nito at pagpapalakas ng pagkakaisa at kooperasyon sa hanay ng mamamayan.

*Idiin sa mag-aaral na sa kasalukuyan ay itinatayo natin ang mga binhi ng Demokratikong Republikang Bayan sa pamamagitan ng mga lokal na organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika sa antas baryo pataas. Ang pagtatayo ng mga ODKP ang nasa dulo ng hakbang-hakbang na pag-oorganisa.*

## 4. Ano ang programa ng Demokratikong Rebolusyong Bayan kaugnay ng pagbubuo ng sandatahang lakas ng mamamayan?

**a.** Ang pagbubuo ng BHB at ang sistema ng tanggulang bayan ang programa ng DRB sa pagbubuo ng lakas-militar ng mamamayan.

**b.** Mga saligang tungkulin ng BHB ang pangalagaan ang soberanya at integridad ng teritoryo ng bansa at ipagtanggol ang mga tagumpay ng rebolusyon at ng sambayanang Pilipino laban sa panloob na subersyon at dayuhang pananalakay.

**k.** Gagampanan ng sambayanan ang susing papel sa pagtatanggol sa mga tagumpay ng rebolusyon. Taglay ang rebolusyonaryong kamulatan at militansya, sila ang garantiya laban sa panloob na subersyon at dayuhang pananalakay.

*Idiin ang papel ng mamamayan sa pagtatanggol sa mga tagumpay ng rebolusyon laban sa kontrarebolusyon.*

## 5. Ano ang programa ng Demokratikong Rebolusyong Bayan kaugnay ng mga demokratikong karapatan ng mamamayan?

**a.** Itataguyod at isusulong ng DRB ang mga demokratikong karapatan at mga kalayaang sibil ng mamamayan.

**b.** Upang pigilin ang panunumbalik ng reaksyunaryong kapangyarihan, aalisan ng karapatang pampulitika ang malalaking burgesya kumprador, panginoong maylupa, burukratang kapitalista at ang mga pangunahing galamay nila. Gayunman, titiyakin na mayroon silang sapat na pagkakakitaan.

*Gumawa ng tsart ng listahan ng mga demokratikong karapatan at ipabasa sa mga mag-aaral.*

## 6. Ano ang programa ng Demokratikong Rebolusyong Bayan kaugnay ng relasyong panlabas?

**a.** Ang programa ng DRB kaugnay ng relasyong panlabas ay wakasan ang lahat ng di pantay na ugnayan sa US at iba pang bansa at mga dayuhang entidad.

**b.** Makikipagnegosasyon para sa mga bagong kasunduan at kaayusan batay sa mga prinsipyo ng mutwal na kapakinabangan at di panghihimasok sa mga panloob na suliranin ng isa't isa.

**k.** Sa pangkalahatan, isasabansa ang direktang pamumuhunan at iba pang pinagkakakitaang ari-arian ng US, Hapon, at iba pang dayuhang kapitalista, laluna ang nasa mahahalaga at estratehikong industriya.

## 7. Ano ang programang agraryo ng Demokratikong Rebolusyong Bayan?

**a.** Ang programang agraryo ng DRB ay ipatupad ang tunay na repormang agraryo, itaguyod ang kooperasyong agrikultural, itaas ang produksyon at empleyo sa pamamagitan ng modernisasyon ng agrikultura at industriyalisasyong rural at tiyakin ang sustenableng agrikultura.

*Gamitin ang **Biswal EP-9** at **EP-10**. Ilarawan na sabayang ipinatutupad ang pagbibigay ng suportang serbisyo at insentibo sa mga magsasaka, masiglang pagtataguyod ng kooperatibismong agrikultural at paghawak ng estado o kooperatiba ng manggagawang bukid sa malalaking plantasyon.*

**b.** Sa tagumpay, ipatutupad ang maksimum na programa ng reporma sa lupa na kinabibilangan ng kumpiskasyon at nasyunalisasyon ng mga ari-arian ng panginoong maylupa at ng makatwirang pamamahagi nito nang walang bayad sa mga magsasakang nangangailangan.




EP 9 - MINIMUM NA PROGRAMA SA REPORMA SA LUPA




EP 10 - MAKSIMUM NA PROGRAMA SA REPORMA SA LUPA

## 8. Ano ang programa sa ekonomya ng Demokratikong Rebolusyong Bayan?

**a.** Bukod sa rebolusyonaryong repormang agraryo, wawasakin ang dominasyon ng US at iba pang imperyalista, malalaking kumprador-burges at panginoong maylupa sa ekonomya, ipatutupad ang pambansang industriyalisasyon at itatayo ang ekonomyang malaya at umaasa-sa-sarili.

**b.** Sa ngalan ng sambayanan, estado ang mangangasiwa sa ekonomya at patatakbuhin nito ang mga importante at estratehikong empresa, mga pangunahing pinagkukunan ng hilaw na sangkap at mga pangunahing komersyo.

- Ang mga kooperatibang agrikultural at industriyal ay kabilang sa pampublikong sektor ng ekonomya.
- Magkakaroon ng mga empresang sosyohang estado-pribado.
- Bibigyan ng konsesyon ang mga pambansang kapitalista at iba pang maliliit na pribadong pag-aari.

*Gamitin ang **Biswal MI-7**. Ilinaw na kasabay ng repormang agraryo, isasabansa at pangangasiwaan ng estado ang mga importante at estratehikong empresa, mga pinagkukunan ng hilaw na sangkap at mga pangunahing komersyo.*

**k.** Sa pamamagitan ng pagpaplano, titiyakin ng estado na balansyado ang proporsyon ng pagpapaunlad ng mabibigat na industriya bilang nangungunang salik, ng agrikultura bilang base ng ekonomya at ng magagaan na industriya bilang tulay na kagyat na lumilikha ng mga produktong pangkonsumo.



MI 7 - LIPUNANG SOSYALISTA

## 9. Ano ang patakarang panlipunan ng Demokratikong Rebolusyong Bayan?

**a.** Ipatutupad ng DRB ang isang kumprehensibo at progresibong patakarang panlipunan.

**b.** Layunin ng patakarang panlipunan ng bagong gubyerno na makatwirang ibahagi ang mga benepisyo ng paglago ng ekonomya, itaguyod ang katarungang panlipunan at isulong ang dignidad at kalidad ng pamumuhay ng taumbayan.

*Basahin ang mga angkop na talata.*

## 10. Ano ang programa ng Demokratikong Rebolusyong Bayan kaugnay ng kultura?

**a.** Programa ng DRB na itaguyod at paunlarin ang pambansa, syentipiko at pangmasang kultura.

**b.** Kailangan ang pambansa-demokratikong rebolusyong pangkultura para malikha ang kamalayang magtutulak sa mamamayang lumaban at ibagsak ang mga nang-aapi sa kanila at sa proseso ay mailuwal ang isang pambansa at mayamang kulturang bayan.

*Gamitin ang* ***Biswal MI 10.***

*Humingi ng halimbawa sa mga mag-aaral ng mga nalikhang yaman ng ating rebolusyong pangkultura.*

**k.** Ang rebolusyong pangkultura ay integral na bahagi ng digmang bayan, pagtatayo ng mga base at pagpapaunlad ng iba't ibang kilusang masa sa kanayunan at kalunsuran, ngayon at sa kasunod na sosyalistang rebolusyon at konstruksyon.

*Talakayin kung paano ipatutupad ng bagong gubyerno ang kulturang tumutugon at nagsusulong sa bagong kaayusang panlipunan.Idiin ang tuluy-tuloy na pagsusulong ng rebolusyong pangkultura sa ilalim ng diktadura ng proletaryado.*




MI 10 - REBOLUSYONARYONG TEORYA AT KULTURA SA PAGBABAGO NG LIPUNAN

## 11. Ano ang programa ng Demokratikong Rebolusyong Bayan kaugnay ng sambayanang Moro, mga sambayanang Kordilyera at iba pang pambansang minorya?

**a.** Ang programa ng DRB ay itaguyod ang karapatan sa demokrasya at pagpapasya-sa-sarili ng sambayanang Moro, mga sambayanang Kordilyera at iba pang pambansang minorya.

**b.** Sa ilalim ng demokratikong Pilipinas kung saan ginagarantiyahan ang pagkakapantay-pantay ng lahat ng mamamayan at nasyunalidad, ang sambayanang Moro, sambayanang Kordilyera at iba pang pambansang minorya ay hihikayating pumili ng makatwiran, pinakaangkop at tunay na awtonomyang pampulitika.

*Ilinaw ang prinsipypo ng pagkilala sa karapatang magpasya sa sarili ng mga pambansang minorya.*

## 12. Ano ang programa ng Demokratikong Rebolusyong Bayan kaugnay ng kababaihan?

**a.** Ang programa ng DRB kaugnay ng kababaihan ay isulong ang rebolusyonaryong pagpapalaya sa kababaihan sa lahat ng larangan.

**b.** Nakahabi sa pakikibaka para sa pagpapalaya ng bansa at lipunan ang pakikibaka para sa paglaya ng kababaihan.

**k.** Itataguyod ang demokratisasyon ng pamilya upang mapawi ang pyudal o awtokratikong kontrol sa asawang babae at mga anak.

*Gamitin ang kasabihang Tsino na* ***"Kalahati ng bigat ng langit ay pasan ng kababaihan."*** *Idiin ang makapangyarihang pwersa ng kababaihan para sa pagpapalaya ng bansa at lipunan.*

## 13. Ano ang patakarang internasyunal ng Demokratikong Rebolusyong Bayan?

**a.** Gagawin ng DRB ang lahat upang makapag-ambag sa pagpapalakas at pagpapalawak sa anti-imperyalistang pandaigdigang nagkakaisang prente at makamit ang pinakamalawak na posibleng suportang internasyunal para sa rebolusyonaryong kilusan ng sambayanang Pilipino.

**b.** Ang pagwawagi ng sariling rebolusyonaryong pakikibaka ang pinakamahusay na maiaambag ng mga rebolusyonaryong pwersa sa Pilipinas sa adhikain para sa pambansang kalayaan, demokrasya, sosyalismo at kapayapaan ng daigdig.

**k.** Magbubukas ng relasyong diplomatiko at pang-ekonomya ang bagong gubyerno sa lahat ng bansa, anuman ang ideolohiya o sistemang panlipunan ng mga iyon. Susundin nito ang mga prinsipyo ng paggagalangan sa soberanya, kalayaan, integridad ng teritoryo, mutwal na pakinabang, at mapayapang paglutas ng mga tunggalian sa pagitan ng mga estado.

*Ilagay sa tsart ang limang prinsipyong gumagabay sa ating patakarang internasyunal.*

## H. Ang Perspektiba ng Rebolusyong Pilipino

### 1. Ano ang perspektiba ng rebolusyong Pilipino at paano matitiyak ang pagsulong tungo rito?

**a.** Sosyalista at hindi kapitalista ang perspektiba ng rebolusyong Pilipino.

**b.** Pinakamahalagang salik sa pulitika sa transisyon mula sa demokrasyang bayan tungo sa sosyalismo ang makauring pamumunong proletaryo na nakabatay sa alyansang manggagawa-magsasaka.

**k**. Mahahalagang salik din ang BHB bilang pangunahing sangkap ng kapangyarihang pang-estado sa ilalim ng absolutong pamumuno ng Partido, ang makauring diktadura ng proletaryado sa ubod ng demokrasyang bayan at ang saligang alyansa ng uring manggagawa at magsasaka bilang pundasyon ng nagkakaisang prente.

**d.** May mga transitoryong hakbang sa panahong ito na may katangiang burges demokratiko, pero segundaryo ang mga ito at nilulutas ang problema ng sistema ng pag-aari ng mga kasangkapan sa produksyon.

*Balikan ang* **Biswal MI-7.** *Ilarawan na maitatatag lamang ang sosyalismo at diktadura ng proletaryado sa makauring pamumuno ng proletaryado at ng Partido Komunista ng Pilipinas.*



MI 7 - LIPUNANG SOSYALISTA

*Ipaliwanag ang mga transitoryong hakbang mula tagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon patungo sa sosyalistang konstruksyon.*

# PAGSASARA NG TALAKAYAN

1. *Balikan ang balangkas ng paksa.*
2. *Balikan ang mga layunin ng pag-aaral at ang kahalagahan ng pag-aaral sa Demokratikong Rebolusyong Bayan.*
3. *Magsagawa ng pagtataya kung nakamit ang mga layunin ng pag-aaral.*
4. *Awitin ang* **"Pagbabalikwas."**

# PROGRAMA SA DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN SA PILIPINAS (1968)

HINDI PUNDAMENTAL NA MAGBABAGO ANG ating pangkalahatang programa sa buong yugto ng demokratikong rebolusyong bayan. Subalit sa bawat bahagi ng pangkalahatang yugtong ito ay magbabago ang ating mga partikular at kagyat na kahilingan. Binabanggit sa ibaba ang ating mga partikular at kagyat na kahilingan:

**Sa Larangan ng Pulitika**

1. Salakayin, ihiwalay at durugin ang reaksyonaryong estadong burges, ang mga imperyalistang Amerikano, ang mga panginoong maylupa at lahat ng katutubong maniniil sa ating bayan hanggang sa kanilang katapusan;
2. Itatag ang sandatahang nagsasariling rehimen at paunlarin ang kakayahan ng samabayanan sa pagpapatakbo ng pamahalaan habang isinasagawa ang sandatahang pakikibaka;
3. Alisin sa ating hanay ang mga makabagong rebisyonista at lahat ng ibang oportunistang sumasabotahe sa ating rebolusyonaryong pagpupunyagi at ibunyag ang kabulukan ng legalismo at parlamentarismong burges;
4. Ikampanya ang demokratikong saligang batas ng bayan at hilingin ang pagpapawalang-bisa sa burges na saligang batas at lahat ng kontra-rebolusyonaryong batas, kasunduang ehekutibo at tratado;
5. Ibunyag ang pagsikil sa mga karapatang pampulitika ng mga manggagawa, magsasaka, intelektwal at makabayang mamamayan na nakikibaka sa pang-aaping dayuhan at pyudal, at pahintulutang malayang kumilos o kaya'y suportahan ang bawat partidong demokratiko o organisasyong pangmasa;
6. Bakahin ang pagbangon ng pasismo at ang pamamaslang at iba't ibang anyo ng pamimilit laban sa mga mamamayan at sa kanilang mga lider at organisasyong rebolusyonaryo at demokratiko;
7. Parusahan ang mga buktot na maylupa at tiwaling opisyal ng pamahalaan at iharap sila sa paglilitis ng hukumang bayan kailanma't maaari;
8. Palitan o reorganisahin ang mga konseho ng baryo at itaguyod ang pamumuno ng mga magsasakang maralita at mga manggagawang bukid sa pamamagitan ng mga komiteng rebolusyonaryo ng baryo;
9. Tulungan ang lahat ng organisasyon at grupong tumutulong sa pagbubuo ng pambansang nagkakaisang prente at ihiwalay ang mga pusakal na kaaway ng demokratikong rebolusyon ng bayan; at
10. Tiyakin sa mababababang opisyal at empleado ng pamahalaang burges na maaari silang ipuwestong muli sa demokratikong pamahalaang bayan bastat hindi sila tuwirang lumalahok sa mga krimeng publiko at bastat lihim silang nakikipagtulungan sa kilusang rebolusyonaryo.

**Sa Larangan ng Ekonomya**

1. Pawalang-bisa ang Susog Parity, ang Kasunduang Laurel-Langley, ang Kasunduan sa Kooperasyon sa Ekonomya at Teknika, ang Kasunduan ukol sa Karapatan sa Pagpasok ng mga Mangangalakal at Mamumuhunang Insentiba sa Pamumuhunan at lahat ng instrumentong legal na ikinatatali ng pambansang ekonomya sa imperyalismong Amerikano at lahat ng alipuris nito, at tanggihan ang lahat ng luma at bagong kasunduan sa pautang na ginawa ng reaksyonaryong pamahalaang burges, kabilang ang mga kasunduan sa "tulong";
2. Hikayatin ang mga mamamayan at ang pambansang burgesya sa pagtatayo ng ekonomiang umaasa-sa-sarili at kasabay nito'y samsamin ang lahat ng kalakal na dayuhan na gumigipit o pumapawi sa lokal na produksyon ng mga makabayang Pilipino samantalang hinihimok ang malawak na masa ng sambayanan na iboykot ang mga imperyalistang negosyo at kalakal na pangkonsumo;

3. Ipagbawal at kumpiskahin ang burukratang kapital at lahat ng ari-ariang kuha sa tiwali at kriminal na paraan;
4. Suportahan ang pagpapabuti sa kabuhayan ng mga manggagawa, magsasaka, manggagawang bukid, mangingisda at tagayaring-kamay sa pamamagitan ng kontrol sa presyo sa mga baseng bukid at pagbibigay ng trabaho sa walang trabaho o walang sapat na trabaho; at organisahin ang mga magsasaka, mangingisda at tagayaring-kamay sa mga panimulang yunit ng kooperatiba (pangkat ng pagtutulungan at sistema ng palitang paggawa) at itaguyod ang bawat kilusan sa pagpapalayang pang-ekonomia ng sambayanan;
5. Ipatupad ang pagbabawas ng upa sa lupa at tantos ng interes sa mga sonang gerilya at alisin ang upa sa lupa sa mga pinalayang purok, alisin ang labis na pagpapabuwis at ang iba't ibang pataw at pairalin ang pinag-isang progresibong buwis na nangingilak ng makatarungang buwis sa agrikultura at makatarungang buwis sa negosyo mula sa peti-burgesia at pambansang burgesya;
6. Tulungang maglunsad ng matatagumpay na welga ang mga manggagawa sa pabrika, minahan, plantasyon, linya ng transportasyon at mga opisina;
7. Ilantad ang mapanlinlang at reaksyonaryong katangian ng Magna Karta ng Paggawa, Batas ng Reporma sa Lupang Agrikultura at iba pang burges na hakbanging kunwa'y tumutulong sa pakikibakang pang-ekonomia at panlipunan ng masang pinagsasamantalahan;
8. Pangalagaan at pasiglahin ang komersyo at industriang aring Pilipino sa pamamagitan ng garantia sa pamilihan, proteksyon, pautang at kaluwagan sa buwis;
9. Suportahan ang mga pambansang minorya sa kanilang pakikibaka laban sa mga panginoong maylupa, mangangamkam ng lupa, kompanya sa pagmimina, konsesyonero sa pagtotroso at plantasyon; at
10. Pangalagaan ang kalusugan ng masa at palawakin ang serbisyo mediko.

**Sa Larangang Militar**

1. Mag-organisa at magsanay ng mga yunit ng hukbong bayan, sandatahang yunit-propaganda, yunit ng gerilya, regular na tropang makilos, milisya at sandatahang partisanong lunsod;
2. Magkampanya laban sa mga base militar na Amerikano at mga "tulong" na militar ng Estados Unidos at lahat ng tratado (Tratadong E.U.-R.P. sa Base Militar, Kasunduan sa Tulong na Militar, Tratado sa Pagtatanggulan, SEATO, atbp.) na ikinatatali ng reaksyonaryong pamahalaan at hukbong sandatahan sa mga imperyalistang Amerikano, at laban din sa anti-demokratikong pakay ng "aksyong sibiko", ng "Peace Corps" at iba pang proyektong kontra-insureksyon ng mga imperyalistang Amerikano;
3. Durugin ang mga yunit-militar ng reaksyonaryong pamahalaan at ng imperyalistang Amerikano at agawin ang mapapakinabangang kagamitang militar;
4. Parusahan ang mga espiya at lahat ng subersibong ahente (laluna ang mga kasapi ng C.I.A. at D.I.A.) ng imperyalismong Amerikano at mga reaksyonaryong kasapakat nila;
5. Magkampanya laban sa sapilitang pangangalap ng reaksyonaryong pamahalaan sa kabataan, manggagawa at magsasaka para sa pagsasanay at serbisyo sa kampong militar at laban din sa P.M.T., R.O.T.C. at Philippine Military Academy dahil sa kanilang reaksyonaryong oryentasyon;
6. Sugpuin ang pagnanakaw ng kalabaw, baka at iba pang hayop, pamimirata, panunulisan at iba pang gawaing bumibiktima sa mahihirap;
7. Durugin ang mga pangkat na tagapaghasik ng lagim tulad ng Kwerpo sa Panloob na Pagtatanggol (Home Defense Corps) at "Monkees", at disarmahan at lansagin ang mga badigard ng mga burukratang kapitalista, mga gwardyang sibilyan ng mga asendero at mga tagapagwasak ng welga;
8. Organisahin ang mga aping pambansang minorya upang lumaban sa pang-aaping imperyalista at pyudal;
9. Maglunsad ng digmang paglipol ngunit magpaluwag sa mga bihag upang masiraan ng loob ang kaaway; at
10. Makipagtulungan sa lahat ng sandatahang kilusan o grupong lumalaban sa pang-aaping imperyalista at pyudal.

**Sa Larangan ng Kultura**

1. Paunlarin ang kulturang pambansa, siyentipiko at pangmasa na tumutugon sa mga pangangailangan at adhikain ng sambayanang Pilipino;
2. Magkampanya laban sa kontrol o impluwensyang imperyalista,pyudal o Simbahan sa sistema ng edukasyon at sa pamahayagan;
3. Palaganapin ang pambansang wika bilang pangunahing wika sa pagtuturo at komunikasyon;
4. Paunlarin ang demokratikong kultura ng bayan at bigyan ng rebolusyonaryong nilalaman ang sining at panitikan habang binabaka ang bulok na sining at panitikan ng "unibersal na umanismo", pesimismo, eskapismo, pagkakasundo sa uri at lahat ng iba pang mapanirang tunguhing burges;
5. Bakahin ang sobinismong Kristyano laban sa mga pambansang minorya;
6. Suportahan ang mga progresibong kilusan at aksyon ng mga estudyante, guro at lahat ng intelektwal;
7. Tiyakin ang mas mahusay na kabuhayan ng mga guro at iba pang kagawad ng institusyon sa edukasyon at tiyakin ang kalayaang akademiko;
8. Igalang ang kalayaan sa pag-iisip at paniniwala sa relihiyon at gamitin ang matiyagang paghimok sa pangangalap ng suporta para sa demokratikong rebolusyon ng bayan;
9. Tuligsain ang mga "biyayang" imperyalista tungkol sa pag-aaral at paglalakbay; at
10. Ipaglaban ang libreng edukasyon sa lahat ng antas at pawiin ang kamangmangan at pamahiin ng masa at imulat sila sa diwang rebolusyonaryo at siyentipiko.

**Sa Larangan ng Patakarang Panlabas**

1. Ibatay ang patakarang panlabas ng Pilipinas sa soberania at pag-asa sa sarili ng sambayanang Pilipino at tulungan ang lahat ng mapagkaibigang rebolusyonaryong pamahalaang bayan at kilusang bayan batay sa paggagalangan at pakinabang ng isa't isa;
2. Labanan ang lahat ng di-makatarungang tratado at kasunduang ipinapataw ng imperyalismong Amerikano;
3. Paunlarin ang pinakamahigpit na ugnayan sa Republikang Bayan ng Tsina, Republikang Bayan ng Albanya at lahat ng rebolusyonaryong pamahalaan at mamamayan;
4. Suportahan ang mga rebolusyonaryong pakikibaka ng lahat ng aping mamamayan sa Asya, Aprika at Amerika Latina, at ang lahat ng mamamayang api ng mga kalapit-bayan ng Bietnam, Laos, Indonesya, Taylandia, Kalimantan Utara, Malaya, Burma, Korea at iba pa;
5. Ibunyag ang Mga Bansang Nagkakaisa bilang kasangkapan ng imperyalismong Amerikano at mga rebisyonistang taksil na kasabwat nito sa krimeng neokolonyalismo;
6. Labanan ang bawat pataksil na pakana ng lahat ng estado at partidong rebisyonista sa kanilang pakikipagsabwatan sa imperyalismong Amerikano;
7. Labanan ang mga pagtatangka ng imperyalismong Amerikano na kasangkapanin ang Hapon at mga taksil na rebisyonistang pangkating pinamumunuan ng Unyon Sobyet sa pagsasamantala sa Pilipinas;
8. Labanan ang mga kasunduang "rehiyonal" tulad ng Bangko sa Kaunlaran ng Asya, Asosasyon ng mga Bansang Timog-silangang Asyano (ASEAN), Sangguniang Pasipiko ng Asya (ASPAC) at ang mga katulad nito na nagpapalakas sa SEATO at iba pang pangmatagalang kasangkapan ng imperyalismong Amerikano sa rehiyong ito;
9. Magkampanya laban sa mga imperyalistang tagapayo at misyong pagsisiyasat sa reaksyonaryong burges na pamahalaan; at
10. Itaguyod ang diwa ng proletaryong internasyonalismo at ang patakaran ng pandaigdigang nagkakaisang prente.